

ILANG-ILANG



**TAON I
BLG. 3**

Lumuluhang naghahanáp. Binábakás ang baunang pinagdaldán sa asawa at anak na minámahál. Nguni't wala! Dí makita! Ang namatáy sa digmaan nasa puso ng lahat no at wala sa libingan....

SABADO, NOBYEMBRE 3, 1945

**.30 ISANG
SIPI**



Sa Idaraos Ninyong Pagdiriwang at Kasayahan...Huwag Kaligtaang Maglaan ng

OLD
'98

- SCOTCH WHISKY
- DRY GINS

Sinubukan at Pinatunayan
ng lahat ng umiinom nito.
*Suabe at katangi-tangi
ang lasa.*



M. DE LARA & CO., INC.
A-1-1001
93 PLAZA GOITI, STA. CRUZ

Mga

NILALAMAN

Ngayon

ALAALA

Tula ni Dapit-Hapon

ANG KUROS NA PUTI

Kuwento ni Miguel M. Cristobal

ANG PANGANGALULWA NOONG ARAW

Salaysay ni Daniel Manapat

ALAALA SA ISANG PAG-IBIG

Kuwento ni Gemiliano Pineda

ANG KAMAY NG TADHANA

*Salaysay ni J. Santos Madlang-
bayan*

ANG MAY DUSANG PUSO

Nobela ni Inigo Ed. Regalado

NAKIPAGLARO SA PANAHO

Kuwento ni L. Magsarili

NALAGAS NA TALULOT

Kuwento ni Liwayway A. Arceo

ANG MULTO SA LIBINGANG LUMA

Salaysay ni Mario Gat Salamat

ANG "PAPEL DE HAPON"

Salaysay ni Lope K. Santos

ANG BUHAY NI FAUSTO

Salaysay ni Cirilo Bognot

IBONG WALANG PUGAD

Tulambuhay ni I. Ed. Regalado

ANG ASAWA NG "DIYOS NG ARAW" (Alamat)

ANG KUWENTO NI ANAS

Ni Cirilo Bognot

PATAK NG LUHA

Tula ni "Panimdim"

PAMPAARALAN

Pitak ni Gng. A. F. Villanueva

ILANG KATATAWANAN MGA SALITANG MAGKAKA- SINGKAHULUGAN PANGHULING TALATA

INIGO ED. REGALADO
Patnugot

GEMILIANO PINEDA
Punong Manunulat

Ulang - Ulang

Ligaya't Aliw ng Lahat ng Tabanan

MARIANO JACINTO
Tagapaglathala

BONIFACIO LIMBO
*Tagapangasiwa ng
Anunsiyo*

Pasulatan at Tanggapan: Santamesa, Maynila

TAON I

SABADO, NOBYEMBRE 3, 1945

BLG. 3



ALAALA

*Nakita ko't napakinggan. Sila'y apat na babaing
sabay-sabay nagpagawa ng koronang malalaki;
hangga ngayon sila'y luksa't mga mata'y nagsasabing
sa ubod ng puso nila'y may damdaming naduhagi,
may-sugat na di-mabahaw, may tinik sa dili-diling
titiisin habang-buhay na may-antak araw-gabi.*

*Ang una ay isang ina ng anak na di-malaman
na kung saan napalibing na bukid o kabundukan,
alam niyang namatay na at namatay sa labanan
nguni't walang magbalita ng puntod na nalibingan;
kaya ngayon ang korona ay dadalhin sa simbahan
kasabay ng panalanging sumalangit ang namatay!*

*Ang isa pa ay babcing asawa ng kulang-palad
na lalaking naging sawi sa kamay ng mga uslak,
isang gabi ay kinuha't sapin-saping mga hirap
ang tiniis, at namatay, at kung saan itinambad;
kaya ngayon ang korona'y sa simbahan ilalagay
patungkol sa kaluhwang tahimik na sa itaas.*

*Ang ikatlo ay dalagang ang masuyong kasintahan
nakidigma't nakihamok sa malupit na kaaway,
kasama ng libu-libong sa sakit ay nangamatay
at nabaong kasama rin sa iisang hukay lamang;
kaya ngayon ang korona'y sa dambana ilalagay
kasaliw ang alaala't taimtim na pagdarasal.*

*At ang huli ay kapatid ng magiting na binatang
kapagdaka ay lumabas nang maringig na may-digma.
—"Ako, anya, ay lalaban"—lumayas na at nawala,
buhat noo'y di na kami nakatanggap ni balita,
walang salang namatay na... Sumalangit siya nawa!
Ito'y aking ilalagay sa paanan ng dambana.*

*Ako noo'y walang imik at ang nasok sa isipan
silang apat ay nagbuwis sa mithi ng Inang Bayan.
Kung mapalad ang nalibing sa may-kuros na libingan
ay lalo nang mapalad pa ang nabulid sa digmaan,
oo na nga't walang kuros ang libing na nahimlayan
ang naiwan namang tanda'y alaalang laging buhay.*

DAPIT HAPON

—Virginia,—ang pukaw ni Raul pagkaraan ng ilang sandaling pananahimik,—ito na lamang ang kahuli-hulihang araw ng ating pagkikita, kung sakali mang ako ay nawalan ng pitak sa iyong puso ay alalahanin mong mahal ka pa rin sa akin, at kung sa ibang panahon ay mabalitaan mong ako'y patay na, ay alalahanin mong ang iyong pangalan ang

at mayaman. Ang lahat ng mga alaala ng lumipas ay nakapukaw sandali kay Virginia at siya ma'y napaluha rin, aywan lamang kung yaon ay sa pag-ibig sa binatang kaaalis o kung dahil lamang sa awa.

Buhat noon ay wala nang nabalitaan ang dalaga ukol kay Raul, at hindi naman niya pinag-ukulan ng anumang pansin ang

ká't ang pamumuhay sa Maynila ay unti-unti nang pabigát nang pabigát. Ang bayang nátunguhan nilá ay siyá ring bayan ni Ricardo. Nang iiwan ni Virginia ang Maynila ay nagdaramdám at lumuluha ng gayon na lamang ang dalaga dahilán sa mápapalayo sa binatang makisig na siyáng lubos na nakapagháharit nakapangyayari sa kanyáng

ay lalong mapanganib ang katayuan ng buhay kaysa sa Maynila. At hindi pa ito ang lalong masakláp sa kalagayan ng mag-aamá kundi ang pagkakátuklás ni Virginia ng isáng lihim na itinátago ni Ricardo na halos ay magwalát ng kanyáng puso at pumuti ng kanyáng buhay. Ang masakit na pagkakátuklás sa tunay na kalagayan ng itinatanging


Ang KUROS NA PUTI

kahuli-hulihan kong binigkas.—Pagkasabi nito, ang binata ay malungkot na tumindig at nagपालam sa babaing naging hantungan ng lahat niyang pangarap.

Nang mga sandaling lumayo ang binata ay malungkot ding pinagmamalas ni Virginia, nakita niya ang ang dalawang patak na luhang anaki'y hindi nakapukaw ng kanyang damdamin palibhasa'y ng mga sandaling yaon ay walang gumugulo sa kanyang isipan kundi ang larawan ng binatang si Ricardo na may dalawang linggo nang nagpapahayag sa kanya ng pag-ibig. Si Raul ay kanyang kababata, kanayon at naging kasama buhat pa nang mga unang araw ng kanyang pag-aaral, nguni't ito ay lubhang angat sa lahat ng katayuang kinlalagayan ng binatang si Ricardo; ito ay magandang lalaki, makisig at mayaman, samantalang si Raul ay pangit at maralita. Nang malayo na si Raul sa paningin ng dalaga ay saka lamang nawalang saglit sa guni-guni nito ang binatang mayaman, sandali siyang nag-ukol ng alaala sa mga kabataan nilang lumipas ng kaaalis na binata; noong araw ay wala siyang kaaliwan kundi ang makita at makasama si Raul, kung siya'y nalulungkot ay ito lamang ang umaaliw sa kanya, siyang laging napaghingahan ng sama ng loob kung nagkakaroon nito; sa labas ng paaralan kung siya ay hindi marunong ng leksiyon ay si Raul ang siyang sumasagip; mahal sa kanya si Raul ng higit sa kanino man, at marahil kung ito ay nagpahayag lamang agad ng pag-ibig ay nakita sana niyang siya'y iniibig din ni Virginia. Nguni't sa paggalang niya at pagtitimpi ng binata ay hindi agad nasabi sa dalaga ang kaniyang tibukin kundi nang ito'y suyuin ng isang bluatang makisig

pagkawala nito palibhasa'y nabuhos ang kanyang isipan at napanahon sa pakikipagmatalikan kay Ricardo. Walang anu-ano noong isáng araw ng buwán ng Disyembre ng 1941 ay gininabal na lamang at sukat ang daigdig ng pagpapahayag ng pakikidigma ng Hapon sa Estados Unidos. Noon ay marami ang nangasindak at nangatakot sa lagablab ng pagbabaka, nguni't si Ricardo ay naging kaibá sa karamihan na sa halip ikalungkot ang gayon ay lalong ikinalalá, palibhasa'y isá siyang kinikilalang puno ng lapiang Ganáp na siyang lihim na katulong ng mga hapon. Nang mga unang araw ng Enero ng sumunod na taon ang buong Maynila ay lumagpák sa kamay ng kaway at buhat noon ay sunud-sunod nang nákuha ang iba't ibang bayan ng Kapuluán, at hindi naglipat taon ay nákilala ng mga pilipino kung anong uri mayroon ang bansáng ito.

Buhat noon, si Ricardo ay naging isáng masugid na tagapaglingkod sa hukbong mananakop, at palibhasa'y ang amá ni Virginia ay isáng tanyág na masalapi at nag-aari ng malalawak na lupain sa lalawigan ng Nuweba Esiha ay minarapat niyang dito na muna manirahan sapag-



na sila'y maghintay-hintay pa na sa kinagayoy nagdaan ang maraming araw hanggang sa dumating ang mapait na sandaling sila ay magkakahiwalay.

—Babalik ako agad, Ricardo—ang sabi ni Virginia, —pagbibigyan ko lamang ang tatay, nguni't pagkaraan ng isang buwan sa ayaw niya at sa ibig ay iiwan ko siya.

Nagalak si Ricardo sa pangakong yaon ni Virginia, siya'y hindi na tumugon kundi nagpakita na lamang ng malaking pagdaramdam sa paglayo ng dalaga; hinagkan ito ng minsan, makalawá hanggang sa siya ay magpakalunod sa waláng katapusáng luwalhati sa piling ng kanyáng minámahál.

At pagkaraan ng ilang araw si Virginia'y nasa lalawigan na.

* * *

Sa Likab na kaniláng kinátunguhan ay hindi ang pananahimik ang kaniláng násumpungán kundi ang kaligaligan din; doon

lalooban, sinisi lalaki. Ito ay may-asawa at doon niya ang binata din sa bayang yaon naninirahan kung bakít ayaw at sa kasamaáng palad ay nanging tuparin niyang kaibigan pa niya. Sa kato ang pangakong balintunaang ito ng palad ay wala siya'y ihaharap lánng nagawa si Virginia kung di sa dambana, di ang sumang-ayon at kilalanin si'y wala nang ang kanyáng pagkakámali, kamatuwid ang yá't nang siya'y ay muling hikang kanyang ama yatin ng kanyáng amá na magupang siya'y ilibalik na sa Maynila ay siya'y pat ng bayan mán ang nagpakatanggi-tanggi kung sila'y magasawa na, nguni't ito ay palagi ay gayon din ang kanyáng pagtutol na muli pang magbalik ng Maynila.

Si Ricardo ay nainip na sa paghihintáy, ilán nang buwán ang lumipas buhat nang umalis si Virginia. Ito ay di pa nagbabalik na gaya ng pangako at ni isang liham man lamang ay wala siyang tinátanggáp kayá't siya na ang nagtungo sa lalawigan pinarunan ng dalaga. At, anong saklap ng kanyang dinatnan! Hindi niya akalaing magtátagpo sa bayang yaon ang kanyang asawa at ang dalaga. Ang kanyáng asawa ay hindi sa bayang yaon naninirahan kundi sa Gapáng at kaya lamang nátungo ng Likáb ay likha rin ng magusot na panahon. Si Ricardo'y waláng nagawa, anumán ang kanyáng pamanihik, pagsamo, at pagmama-kaawa kay Virginia ay hindi na siya pinakitunguhan nito, at sapagká't siya'y may lihim na pag-iimbót sa kayamanang mámanahin ng babai ay nag-isip na sa anumáng paraán ay kailangan niya ito. Noong una ay tinakot si Virginia, siya'y nagbanta, at gumamit pa rin ng lakás upang muling mapa sa kanya ito nang di na mákuha sa mabuting sálit-taan, nguni't wala ring nasapit sapagká't ang babai ay naging

(Nasa pahina 21 ang karugtong)

Sinulat ni

MIGUEL M. CRISTOBAL

**“Kung kami po’y lilimusan
Dali-daliin po lamang
At baka po mapagsarhan
Ng pinto sa kalangitan.”**

yan ngayon ng ugali ng mga tao. silá ang dadalhin sa libingan. Ang Bukód sa pangangalulwá kung mga bata sa takot, ay nagpaparaw ng *todos los santos* ay may gawa namán sa mga kasama sa Isá pang kaugalian na ang tawag bahay ng anumáng pagkaing mang ibá ay *panawagan* at ang ta-

KUNG dumarating ang kaarawan ng mga patáy o *todos los santos* ay di ang hindi natin nagugunita ang kaugalian noong araw na ngayo’y nalilimutan na halos, bagamán sa mga lalawigan ay umiiral at ginagawa pa rin, na kadalasa’y pinagtatawanán at pinagngingitngitán pa ng iláng walang ipinagmamalaki kundi mga gawi’t kilos na dalá ng makabagong panahón.

Ang kaugaliang nasabi ay tinatawag na *pangangalulwá* at *panawagan*.

Sa lathalang itó’y wala kamíng ibáng layon kundi ihayág na parang isáng balita lamang ang mga kaugaliang nasabi kung dumarating ang araw ng mga patáy, sa hangad na makatulong sa mga kabataang naghahagiláp ng mga ulat na malakasaysayan.

Sa gabi ng *todos los santos* ginágawa ang tinatawag na *pangangalulwá*. Iyán nama’y sa pagkakatuwaan lamang ginagawa at ang pinaka-pangunang layon ay mabigyan ng mabuting aral yaóng mga taong kulang ng pag-iingat sa kaniláng mga ari-arian. Ang pulutóng ng mga *nangangalulwá* ay walang inaabatan kundi ang pagkátulog ng mga tao sa bahay-bahay. Oras na makitang sila’y may pagkakataón, ang ginagawa’y “nakawin” ang lahat ng mananakaw, kadalasa’y mga kasangkapang naiwan sa silong, mga paso ng magagandang halamang nakalagay sa hagdán, mga damit na naiwan sa sampayan at iba’t iba pa. Sa salikop ng lalong mataong mga daan, ang mga *nangangalulwá* ay nagtatayo ng kung tawagin ay *tumba*, na yari sa patungpatong na mga mesa at mga hagdang-kawayan na lubháng mataas. Lahát ng *manakaw* ay doon inilalagáy at isinasabit at pinagaayus-ayos pang mabuti. Sinisikap na ang *tumba* ay magíng lampas-bubungán ang taas, magíng puno ng lalong makakabuluháng kasangkapan at mapalamutihan ng mga sari-saring paso. Madalás na ang pagkakayari ng *tumba* ay marikit at kahanga-hanga pagka’t talagá namáng pinagbubuti ang pagkakaayos. Sinisikap na ang

tumba ay matapos bago magbukáng-liwayway upang sa pagkagising ng mga tao, lalo na ng mga nagsisipagsimba, ay makita na at mapanood.

Nagiging sanhi ng pagkakatawanan, pagkakatuwa at pagkakatuksuhan ng magkakapit-bahay ang nagigisnáng tumbang nakatayo. At lalo nang nagkakahalakhan kung sa *tumba* ay may nakikitang mga damit ng dalaga, lalo na yaong gamit na panloob, na nangkasabit na parang palamuti sa mataas na hagdang-kawayan at sa mesang pinagpatungan. Pagkatapos ng misa kinabukasan ng *todos los santos* na kung tawagin namán ay *dia de difuntos* ay binibigyang laya na ang lahat na makuha sa *tumba* ang kaní-kanilang mga pag-aaring *nakalulwá* ng nakaraáng gabi. Madalás mangyari, marahil ay sa pagkahiya, ang naiiwang hindi kinukuha ng mga may-ari ay yaóng mga damit na panloob ng mga babai.

Sa oras ng pagdaraos ng *pangangalulwá* ay may isá pang katuwaan ang nagsisigawa noon. “Nagnanakaw” sila ng mga manók na inaadobo, bigás na isinasaing at ibá pang pagkaing nailuluto at siyá niláng pinagsasalusaluhan sa kaináng kung tawagin ay *media noche*. Madalás mangyari na di nalalaman ng kasalo sa *media noche* na ang manók na inadobo ay kanya...

Ang mga taong *nagsisipangalulwá* noong araw ay dinaraán lamang sa pagkakatuwa. Salamat at ang ugaling iyán ay hindi na kilalá ngayon. Kung hindi, marahil ay nakawáng totohanan ang magaganáp, alinsunod sa kalaga-

wag namán ng marami ay pangangalulwá rin. Ang *panawagan* ay ginaganáp ng iláng tunay na mga pulubing nananapatan sa mga baháy-baháy. May dalá pa siláng kuliling na bago magsimula ng pag-awit ay pinatutunóg muna. Ang kadalasang inaawit ay nauukol sa mga kalulwá at sa buhay ng iba’t ibang santó. Iisa ang hawig ng tugtuging kinakanta at kung nagkakasalimbayan ang magagandang tinig ay totoong nakawiwiling pakinggan. Ang awit ay malungkot. At lahat ay natatapos sa ganito:

*Kung kami po’y lilimusan,
dali-daliin po lamang,
at baka kami’y mapagsarhan
ng pinto sa kalangitan.*

Ang mga nananawagan ay hindi nagsisialis habang hindi inabután ng limós ng may-bahay na tinátapatán.

Gaya nang sinabi na, ang mga nagsisipanawagan ay talagang mga pulubing nagsisipagpalimós; ngun’t nitóng mga huling araw ay mga pulutóng nang binúbuo ng mga tamád at batugang nagsisipagsamantala upang magkasalapi. Nakaiipon nga namán sila ng malaki-laki ring halagá na kanilang pinaghahati-hatian pagkatapos.

Naging ugali pa rin ng mga tao noong araw na upang máhilig ang mga bata sa pag-alaala’t paggunita sa mga magulang, mga kapatid at ibá pang hinlog na nangamatáy, ay tinatakot at sinasabing kailangang ipagdasál ang kalulwá ng mga yaón at kung gabi’y maglagáy ng anumang makakain sa ilalim ng kanilang unan, sapagka’t ang mga kalulwang nasabi ay dadalaw sa hatinggabi at kung walang makitang pagkain ay

kadalasán ay mga suman at puto. Nguni’t anó bang mga kalulwa! Ang nagsisikain ng puto at suman kung hatinggabi ay ang matatanda na rin sa bahay, kung himbing na ang mga bata.

Kung gabi ng araw ng mga patáy at kinábukasan, habang nagmimisa, ay nagsisipagdasál ang lahat sa kaní-kanilang altáng may nakatirik na mga kandila. Patungkol sa kalulwa ng mga namatáy. Ang dami ng kandilang itinirik ay alinsunod sa bilang ng mga namatáy sa mag-aanak na nakatirá sa bawá’t bahay.

Ang paglalagáy ng mga palamuti sa libíng ng kaniláng mga hinlog ay kaugalian na ng mga pilipino sa mula’t mula pa. Noo’y pawang kandila ang pailaw na inilalagay at pawang koronang yari sa mga sariwang bulaklak ang inihahandog. Nitóng mga huling taón ng panahón ng mga amerikano ay nahimaling na sa paglalagáy ng mga ilaw-elektrika na pinagkasalapián ng mga kontratistang elektrisista.

Sa loob ng panahóng inilagi rito ng mga hapon ay kung iláng taong ang *todos los santos* ay hindi nalraos, pagka’t ipinagbawal ang pagdalaw sa mga libingan. Inaasahang sa pagkakataóng itó ay magiging di-pangkaraniwan ang dami ng mga taong magsisidalaw sa dalawáng-libingang malakí.

Papanumbalikín ang matibay na pagkakaisá ng lahat upang mapagtagumpáy ang ating mga banal na mithiin.

“Alang-alang sa Bayan!”— Iyán ang dapat itanim sa puso ng lahat at bawá’t isáng pilipino sa mga araw na itó ng ating pagbabagong-buhay.

Ang “Pangangalulwa” Noong Araw...

Sinulat ni
DANIEL MANAPAT

Ngayo'y Araw ng mga Yumao. At may nagugunita ako.

Nguni't ako'y hindi dadalaw sa mga puntod.

Wala akong pag-aalayan ng mabangong bulaklak at ng mga kandilang tatanglaw sa buong magdamag.

At di rin ako mananalangin alang-alang sa ikapapayapa ng kaniyang kaluluwa sa kaitaan.

Sapagka't ang kaniyang puntod ay wala sa libingan. Hindi maaring matagpuan sa malamig na lupang siyang hantungan ng lahat ng kinapal. At wala rin siyang kaluluwang aakyat sa langit na siyang dapat kalagyan ng lahat ng magaganda't mabubuting likha.

Siya ay ang aking pag-ibig.

* * *

Ang aming nayon ng Matalahib ay nasa paanan ng bundok ng Banahaw. Ito'y napakalayo sa kabayanan; upang makarating dito ay kailangang tumawid ng tatlong ilog at dumaan sa mga pasikut-sikot na landas. Simula nang masakop ng mga hapon ang Pilipinas, ay wala pang mga singkit na nakarating sa aming nayon, dahil nga sa kalayuan. Sa kabayanan ay may garison ng hapon. At ang baw't makasalubong sa mga singkit ay pinayuyukod doon. At iyon ang ayaw namin. Kaya bihirang-bihira kaming magtungo sa kabayanan, matangi na lamang kung may mahigpit na pangangailangan.

Ang aming nayon ay madalas dalawin ng mga nagsisipamundok na gerilya. Kung sa aming pulutong ay may napapansin kaming mukhang naiiba, ay sinasapantaha naming siya'y isang gerilya. Ang bundok ng Banahaw ay kanilang ginagawang himpilan, na siyang kuta ng mga mapagmahal sa kalayaan at nakikipaglaban upang mapamalaging buhay ang mga simulaing pinagkamatayan na ng marami.

Kung may mga dumarating na gerilya sa aming nayon ay hindi kami nangangamba. Nakababatid sila na kami'y kanilang kapanalig at nahahandang tumulong sa kanila sa abot ng kaya. Ang karamihan pa nga sa aming mga lalaki ay kabilang sa gerilya, nguni't nagsisitigil sa nayon dahil sa kanilang mga gawain.

Kahabag-habag ang anyo ng mga gerilyang nagtungo sa amin paminsan-minsan. Madaling makita na sila'y nahihirapan sa pamumundok. Kaipala'y marami sa kanila ang hirati sa maalwang

pamumuhay. Napakaginaw sa bundok kung gabi at kung araw nama'y matindi ang init. Bukod pa rito, kailangang maglakad sila sa mga kagubatan. Kung pagmalasin ko ang mga gerilya ay lagi silang marumi, hindi nag-aahit at malalago ang buhok. Gula-gulanit pa ang mga damit. Nguni't kahit ganoon ang kanilang anyo, kahit sa mga mata nila'y nababakas ang labis na pagpupuyat at pagkapagod, kaming lahat sa nayon ay nakatitiyak na ang kanilang puso ay tinitibukan ng marubdob na damdaming hindi namin maaring matarok at sila'y may aking katapangang hindi karani-

la'y sumuko at pagkatapos ay paglakarin hanggang Kapas ay kabilang siya sa mga nakatakas. Hindi ko akalaing mataas pala ang kaniyang napag-aralan. Sapagka't kung pagtingnan ko ang kaniyang anyong mapagpakumba, ang kaniyang mukhang bahagya na lamang ngumingiti kung minsan, ay para bang kahalintulad siya ng marami naming binita sa nayon na di man lamang nakarating sa ikaapat na baytang na paaralan. Ako nga'y nagtaka, sapagka't ang kausap-usap ko pala, akong ipinalalagay na mataas na rin ang napag-aralan sapagka't nakatapos sa haikul sa

pag-aaral na gaya ng ginagawa ng marami ay maaari ka ngang makatapos sa pag-aaral, nguni't parang wala ka ring natutuhan.

—Sayang at nagkadigmaan. Sana'y nag-aaral na ako sa Maynila.

—Sayang nga.—ang kaniyang tugon.—Ako man ay nanghihinayang rin. Sana'y tapos na ako sa pagka-inhenyero. Ang kapalaran nga naman! Ngayo'y narito ako at hindi nalalaman ang kinabukasan, kung saan ako hahantong.

—Hindi na matataga! marahil. Ang balita ko'y malapit na raw sa mga amerikano sa Pilipinas.

ALALA Sa Isang PAG-IBIG

wan sa isang kinapal. Kung kaya naman sila'y aming pinagpipitaganan at hinahangaan, at tinatanggap namin sila nang mahusay kapag dumadalaw.

Sa tanglaw ng mga ilawang tinghoy ay nakikipag-usap sila sa mga matanda sa nayon; ang ibang sa palagay namin ay mga bagungtao o mga binata ay waring nahihiyang makipagkilala sa kadalagahan ng nayon, gayong di maiilhim ang kanilang pananabik na makaniig ang mga dalagang kailala'y makapagdudulot sa kanila ng kaligayahang inaasam-asam at pinapangarap sa kanilang malimit na pag-iisa.

Sa mga pangkat na ito ng gerilya nakilala ko si Ding. Siya'y ipinakilala ng aking ama na bagama't di namumundok ay itinuturing na kanilang katulong at isang masugid na kalaban ng mga singkit. Dala ng kaniyang gulang at ng mga gawain sa bukid ay hindi niya kami maiwan, kaming mga magkakapatid at si Nanay.

Si Ding ay kapitan ng mga gerilya, bagama't walang tandang nakalagay sa kaniyang kamisadentrong kaki na lumang-luma na.

Taga-Maynila siya, ang kaniyang pagtatapat sa amin nang kami'y magkaharap-harap sa liwanag ng ilawang langis. Siya'y kabilang sa mga nag-aaral sa unibersidad ng Pilipinas na lumahok sa labanan at nang si-

kabayanan, ay higit na may dunong kaysa akin. Ang pagkakilala naming ito, sa ganang akin, ay isang magaling na pagkakataon upang makausap ang isang malawak ang nalalaman; natitiyak kong ang kaniyang sasabihin sa akin ay hindi mga pangaraw-araw na paksa lamang na walang patutunguhan. Inasam-asam ko ang pagbanggit niya tungkol sa mga napag-aaralan sa unibersidad, na noong bago magkadigma ay siya kong pangarap na marating.

Kaming mga taga-nayon ay magagaan ang loob, lalo na't sa unang malas lamang ay napagkilala naming hindi masamang tao ang aming kausap. At si Ding, sa una kong pagkakita, ay gayon. Kaya hindi na kami nagpupuan pagkalipas pa ng ilang sandaling pag-uusap.

Nasabi ko sa kaniya, na ako'y nakatapos ng haikul, bagama't di naman dapat ipagmalaki iyon.

—Aba,—ang tugon niya,—ang makatapos ng haikul ay mabuti na. Kung ang isa'y matalino ay maaari pang higit ang kaniyang nalalaman kaysa nakapag-aral sa unibersidad,—ang kaniyang dugtong.

—Mahirap ba ang mag-aral sa unibersidad?—ang tanong ko.

—Hindi naman. Nasa sa iyo iyon. Kung magsisikap ka ay magang-magaan, nguni't kung magi-

—Oo, malapit na nga, sapagka't nakuha na nila ang Halmahera at Morotai. Wala nang nalalabi sa kanila kundi ang magtungo rito. Nguni't hindi mo rin natitiyak ang takbo ng pangyayari. Ang balita nami'y dumarami ang mga hapon idinarating dito.

—Ano naman ang inyong gagawin kung sakali't dumating na ang mga amerikano?

—Marami kaming gagawin. Ngayon pa'y abala kami sa pagsubaybay sa kilos ng mga hapon, kung nasaan ang kinalalagyan ng mga pintungan, sandata, at mga bapor ay aming ipinatatalastas kay MacArthur sa pamamagitan ng radyo. Pagdating nila dito ay sasama kami sa kanila at sasama ring papasok kami ng Maynila.

Sa pagkabanggit niya sa Maynila ay waring nangulimlim ang kaniyang mukha.

—Ang iyo bang pamilya ay nasa Maynila?—ang aking tanong.

—Oo, mayroon pa akong ma-roon at isang kapatid na dalaga. Marahil ay kasinggulang mo siyan ka na bang taon?

—Ah—ang kaniyang dugtong,—hindi nga pala nagsasabi ng kanilang gulang ang mga babai,—at siya'y napatawa nang ako'y di nakasagot.

Hindi nagtuwat ng pakikipag-

usap si Ding sa amn sapagka't dumating na ang kaniyang mga kasamahan at sila'y babalik na sa kanilang himpilan. Nang siya'y magpaalam nang gabing iyon ay di ko malaman kung bakit ako'y nakaramdam ng lungkot gayong noon ko lamang siya nakilala.

Nakaraan ang mga dalawang linggo bago bumalik si Ding. Masayang-masaya siya.

—Nena,—ang batil niya sa akin —Maaari ka nang magdiwang.

—Bakit,—ang tanong ko. Ano kaya iyon, ang naisip ko naman.

—Ang mga amerikano ay lumunsad na sa Leyte. Narito na muli si MacArthur sa Pilipinas. Pati ang Pangulong Osmeña ay nagtatag na ng pamahalaan doon. Hindi magluluwat at matutubos ang buong Pilipinas.

Ganoon na lamang ang aking galak. Sa buong nayon ay nagaghihiyawan na rin ang lahat sa pagbabalitang dala ng mga gerilya. Iyon na ang katuparan ng aming mga panaginip. Iyon na ang pinakahihintay naming lahat

Ang kaligayahang nadarama ko nang mga sandaling iyon ay katakatakang nahalinhon ng pagkagulumihanang nang mapansin kong si Ding ay nakatingin sa akin nang buong amo at waring sinisikap matarok ang aking kalooban.

—Nena,—ang kaniyang tawag sa akin.

Ako'y di kumikibo at hinihintay ang kaniyang sasabihin. Hindi ko madalumat kung bakit nang mga sandaling iyon ay waring nag-aagam-agam ang aking loob, na parang may isang pangyayaring darating na di ko inaasahan. Ano kaya ang naiisip ni Ding?

—Marahil ay iyong pagtatakahan ang gagawin ko ngayon. Ako man ay nagtataka rin. Natitiyak kong ikaw'y mabibigla, nguni't marahil ay mauunawaan mo rin ako.

Ako'y hindi tumitingin sa kaniyang mukha. Nadarama kong naghahirap ang kaniyang kalooban at may ipagtatapat sa aking isang bagay na di ko man inaasahang magaganap sa napakadaling panahon ay siya ngayong nais niyang iparinig sa akin.

—Ayaw ko sanang gambalain ka pa, Nena—ang kaniyang patuloy.—At saka, natatakot akong sa loob ng napakaikling panahong ating ipinagkakilala, ay di mo hihintaying marinig sa akin ang aking sasabihin. Datapwa, Nena, hindi na magluluwat at ako'y pupunta sa ibang pook upang sumagupa sa kaaway, at sa aking pag-

Sa pagsapit ng Araw ng mga Yumao ay may nagugunita si Nena . . . nguni't nais niyang makalimot!

alis ay ibig kong malaman mo Nena, ang damdaming aking tinataglay at tataglayin hanggang saan man ako ipadpad ng kapalaran.

Alam ko na ang kaniyang sasabihin kahit hindi bigkasin ng kaniyang mga labi. Sumulyap ako sa kaniya at nakita kong siya'y pinagpapawisan at sa mga mata niya'y naglalaro ang isang liwanag na noon ko lamang nakita. Alam ko na nga ang kaniyang ipagtatapat, at naramdaman kong ako'y pinanlalamigan.

—Sa aking pag-iisa, Nena, sa gitna ng mga kakahuyan at sa sandali ng nakapanlulupaypay na pagtahak sa mga landasin sa bundok, ay lagi kitang nagugunita. Aywan ko, nguni't buhat nang gabing tayo'y magkakilala ay sumibol sa akin ang isang damdaming ibig ko mang kuyumin, dahil sa kahihiyang sa iyo, ay hindi ko magawa. Hindi ko napaglabanan ang ibinubulong ng aking puso, Nena, kaya ako'y narito ngayon upang, kung iyong mamara-patin, ay ihandog sa iyo ang aking pagmamahal.

Ako'y hindi kumikibo samantalang siya'y nangungusap. Nag-sasalimbayan sa aking isip ang maraming bagay: ang kaniyang mukhang bahagya na lamang kung ngumingiti, ang kaniyang tinig na banayad na banayad, at ang kapalarang kaniyang kinasasadrakan sa pakikipaglaban alang-alang sa isang simulain. Kahabag-habag biguin ang isang katulad niya, ang aking naisaloo. Hindi nararapat na ang isang lalaking nagpakita ng katapangan sa larangan ng digma at hangga ngayo'y nagtitiis ng hirap at ginaw sa bundok, ng mahabang paglalakbay at pagpapakasakit upang maibagsak ang kaaway ng lahat, ay pabaliking taglay ang ala-ala ng isang pag-ibig na di nakakita ng katugong puso. Iyon ang aking naiisip. Nguni't sumusurot din sa aking gunita ang alalahaning kung kailan lamang nakilala ko siya. Oo nga't siya'y marangal, may pananagutan sa pangkat ng gerilya, at sa malas ay di siya isang manlilinlang, datapwa,

anong malay ko kung siya'y may naiwang nagmamahal sa lunsod, ano kung may babaing katulad ko ring pinangakuan niya ng pag-ibig?

Ang mga pag-aalinlangan ko ay para bang nahulaan ni Ding nang siya'y muling magsalita.

—Alam kong hindi mo pa ako lubos na nakikilala. Maaari mong hinalain na ako'y may asawa at hindi kita masisisi. Nguni't kung pinagkakatiwalaan mo ang pangungusap ng isang lalaking nakikipaglaban alang-alang sa isang simulain, na siya ko namang inaasahan sa iyo, ay ipinagtatapat ko sa iyong ikaw pa lamang ang babaing nagpatibok sa aking puso ng pag-ibig na di ko kayang batihin. Paniwalaan mo sana ako, Nena. Tunay kitang iniibig.

Ano ang aking maitutugon sa kaniya? Batid kong di magluluwat at siya'y mapapalayo sa akin. Kinakailangan siya ng bayan, lalo na't ngayong napipinto ang pagbabalik ng mga kawal na amerikano. At siya'y hindi makapaghihintay ng matagal—iyon ang nais niyang mapadama sa akin. Kailangang ako'y magpasiya nang madalian. Nguni't paano ako makapagpapasiya? Kung aking pakasuriin, ang nadarama kong damdamin ay hindi tiyakang pag-ibig kay Ding. Nguni't lalo namang hindi pagkasuklam o pagwawalang-bahala. Manapa'y magaan ang aking loob sa kaniya—kung siya'y aking kaharap ay napupuno ako ng kasiyahan at ang aming pag-uusap ay parang pagtatapatan ng dalawang nagkakauunawaan. Palagay na palagay ang loob ko sa kaniya—iyon marahil lamang ang aking nadarama. Umiibig nga kaya ako? Hindi ko matiyak ang aking maitutugon.

Umalis si Ding nang gabing iyon na lutas ang kaniyang suliranin. Hindi ko natiis na magbaon siya ng hinanakit at mga alalahanin sa kaniyang pagtahak sa bundok, sa kaniyang pakikilaban sa kaaway. Hindi ko nais na sa pagsisikap niyang matulungan ang bayang makaigpaw sa kalupitan ng kaaway ay pasanin pa niya ang bigat ng isang pag-ibig

na walang hantungan.

Sinagot ko si Ding ng "oo." Tinanggap ko ang kaniyang inihandog na pag-ibig, bagama't sa sandaling iyon ay di ko masasabi kung pag-ibig nga ang aking nadarama, sapagka't natitiyak kong ang pagsang-ayon ko'y kaniyang ikaliligaya, kaniyang ikalalakas at ikasisigla sa kaniyang pagtataguyod ng kilusan ng pangkat ng mga gerilyang kaniyang kinabilangan. At dahil man lamang doon, ay pag-aaralan kong ibigin siya—si Ding.

At nang gabing iyon na magpaalam siya sa akin, nangingingin man ako at pinipilit lamang ang sarili, ay ipinikit ko ang aking mga mata samantalang hinayaan ko siyang maggawad ng halik sa aking mga labi. Pagkatapos ay lumakad na siya na inihahatid ng aking tanaw at nasabi ko sa sarili: Lumigaya ka lamang Ding ay kasiyahan ko na.

At ako'y hindi nagkamali. Natuto akong umibig kay Ding. Naging laman siya ng aking mga gunita—sa araw at gabi. Ang larawan niya samantalang tumatahak sa kagubatan, kaipala'y samantalang nanunubok sa mga hapon at nakikipagpalitan ng putok sa mga singkit, ay di mapakinit sa aking ala-ala. Natuto akong mangamba sa kaniyang kaligtasan, at ako'y nalipos ng pananabik na siya'y makitang muli. Ano kaya ang kaniyang anyo ngayon? At paano kaya ang aming pagkikita, ang aming hinaharap kung matapos na ang digma, kung siya'y lumisan na sa bundok at manirahan sa siyudad ng kaniyang kinahiratihan?

At isang gabi ay humahangos siyang dumating. Hindi ko malilimot ang gabing iyon sapagka't noo'y Bagong Taon at kahit mahirap ang pamumuhay ay ipinagdiwang din ng nayon, kahit paano, ang pagsapit ng isang bagong taon.

Dumating si Ding upang magpaalam sa akin. Upang magpaalam nang di natitiyak kung kailan siya babalik, sapagka't lalahok na siya sa labanan. Hindi magluluwat, ang wika niya, at ang mga amerikano ay lumunsad sa isang pook sa Luzon—hindi niya maipagtatapat kung saan—at nahaharap ang kanilang pangkat sa puspusang pakikilaban.

At ngayon ay nasa aking piling upang magpaalam si Ding. Ano ang aking masasabi? Sa pagkakamalas na muli sa kaniyang nan- (Nasa pahina 17 ang karugtong)

Maikling Katha
Ni GEMILIANO PINEDA

**Ang kampeón sa karambola sa Pili-
pinas, si Estrella, ay pinainóm ng ga-
solina, pinaliguan ng gasolina rin at
sinindihán pagkatapos.**

“ANG lalong pinaka-malagím na araw naming mga nagsisiparirahan sa Intramuros ay magbuhat noong ika-5 hanggang ika-9 ng Pebrero ng 1945”, ang wika sa amin ni ginang Aurea M. ni Hernandez. “Bukód sa waláng humpay na pagpapabagsák ng bomba ng mga amerikano ay pinapamayani namán ng mga salangpang na hapón ang kaniláng kalupitán; tinutugis ang bawát makitang tao sa daán at hinahagisan ng *hand grenade* ang bahay na kaniláng pinaghihinalaan. Noong ika-6 ng Pebrero ay nag-akyátmanaog silá sa mga baháy-baháy at hinakot ang natagpuáng mga lalaki at sa paratang na silá’y mga *gerilya* ay pinagbubugbog, binaliti at dinalá sa Fort Santiago. Halos lahá’t ng dinalá roon ay hindi na namin nakita. Waláng ginawa ang kaniláng mga asá-asawa’t mga anak kundi ang ipagdásal na lamang at ipagluksa. Wala na ngang ibá pang magagawa kundi iyón na lamang. Marahil, ang kaniláng mga kalansáy ay kabilang sa mga bungo at butóng natagpuáng patung-patong sa iláng silíd ng nasabing Fort Santiago nang dumating na ang mga amerikano at siyasatin ang pook na yaón”.

Alinsunod sa nasabing ginang ay naisalaysay sa kanya ng isang pamangking nakatakas na sa mga dinalá’t pinahirapan sa isáng silíd ng Fort Santiago ay kabilang si Irineo Estrella, kampeón sa karambola at kilalang lider ng mga nasyonalista sa Intramuros, saka si Angelo de Jesus na lalong nakikilala sa tawag na Jap Cotton at isá rin sa mga litáw na lider ng mga nasyonalista sa loob ng Maynila. Si Angelo de Jesús ay nagkaroon ng kabantugan noong araw sa larangan ng boksing at ang pamagát niya sa pakkipaglaban ay “Jap Cotton”.

Alinsunod sa salaysay, nang ang kampeón sa karambolang si Irineo Estrella na pinararatangang isáng *gerilya* ay hirap na hirap na sa kabubugbog ay humingi ng kaunting tubig. Ang ginawa ng nagpapahirap na hapón ay kumuha ng isáng timba at ang timbáng itó ang idinuldól sa bibíg; ang lamán ng timba ay gasolina. Nang ayaw inumin ni Estrella ay isinaboy ang gasolina sa buóng katawán at si-

ANG KAMAY NG TADHANA

nindihán pagkatapos. Sa gayón namatáy—kasakit-sakit na pagkamatáy!—ang kampeón sa karambola na lubháng kilala’t hinangaan ng lahá’t, si Estrella.

Gayón ding kapalaran ang inabot ni “Jap Cotton”, pinaliguan ng gasolina at sinindihán.

* * *

Ang isa sa nagkaroon ng bayaning pagkamatáy noong pinaairal ng mga hapón ang kabuhungán nilá sa Intramuros ay si Doroteo Ayesa, na kasamahán ni Estrella at ni Jap Cotton sa lahá’t ng kilusáng pambayan. Si Ayesa ay siyáng pangulo ng lupon ng Lapiang Nasyonalista sa daang Muralla.

Si Ayesa, na talagáng kabilang sa mga *gerilya*, ay pinaroonan ng mga hapon upang hulihin. Nang maramdamán ni Ayesa na siyá’y dadakpín at wala namáng paraan upang makatakas, ang ginawa’y kinuha ang kanyang rebolber na nakatagong mabuti at nakipaglaban. Isáng kapitán at dalawá pang kawal ang kanyang nápatáy bago siya natimbuwáng na waláng hininga. Namatáy si Ayesa sa ulos ng matutulis na bayoneta at sa taga ng matatalas na sable ng mga kaaway.

Ang salaysáy na itó ay galing sa pamangking nakatakas sa Fort Santiago na nakaniig ni ginang Aurea M. ni Hernandez na aming nákapanayám at kapit-bahay ni Ayesa sa daang Muralla.

Si Irineo Estrella na kasamahán ni Ayesa ay nakatirá sa tagiliran ng Araullo High School daang Victoria at si Jap Cotton o Angelo de Jesus ay nakatira namán sa loobang kung tawagi’y Sampalukan na nasa tagiliran ng ospital San Pablo.

* * *

Ang lalong nakapanglulumót si Ofelia. Ang káhuli-hulihang

nakapangingilabot sa mga nang-pagpapakilala ng matamis na pagyari sa kabila ng ilog-Pasig, gamamahál ng iná sa bunsong kapiwing timog, ay ang sa magkapalaspas ng dibdib ay ipinakilala ni Ofy tíd na Pamintuan, Lucy at Ofy nang ang sanggol ay ihagis sa na noong mga dalaga’y lubháng nars. Tumusok sa dibdib ni Ofy, natanyag sa matataás na lipunán na siyáng ikinamatáy, ang pata-sa Maynila. Si Ofy. taguri kay Ofelím na nasa dulo ng baril ng ali-

**Kalunus-lunos na nangyari sa mag-
aanak na Pamintuan: Inulos ng ba-
yoneta si Ofelia; nahagis nitó ang
sanggól sa kanyang nars, nguni’t ang
sanggól at ang nars ay natuhog sa
dulo ng baril ng mga hapón . . .**

lia Pamintuan (Mrs. Quiogue) ay siyang lalong sawi kay sa kay Lucy Pamintuan (Mrs. Cassanovas). Ang tinitirhang bahay ng magkapatid ay magkaratig sa Singgalong. Nagkakatanawan at nagka-kausap sa bintana. Nang ang kalupitan ng mga hapón ay nag-uulól na, sa pag-uusap sa bintana ng magkapatid ay hinikayat ni Ofelia si Lucy at sinabing lumipat siyá sa kanilá, pagka’t doo’y lalo siláng panatag. Lumipat namán si Lucy. Di pa gaanong natatagalan ay nakaringig sila ng katakutakot na putók. Ang asawa ng dalawá ay wala at nakulóng sa kabila ng ilog. Sila’y nagtatakób at nangubli sa “air raid shelter”. Dalá ni Ofy ang pásusuhín niyáng anak. Sa pagmamadalí ay nagkáhiwaláy ang magkapatid sa pagtatago, pagka’t ang “shelter” ay dalawá. Ang nakasama ni Ofy ay ang nars na tagapag-alaga ng bata at ang nakasama namán sa kabila ni Lucy ay ang mga alila sa bahay.

Dumating ang mga hapón. Hinaluho ang buong bahay at nang waláng matagpuáng tao ay tinungo ang “shelter”. Ang nápasukan ng mga asal-hayop na mga hapón ay ang kinaroroonan ni Ofelia. Itó’y nápasigaw nang makitang nakaamba sa kanya ang matulis na bayoneta ng kawal na unang pumasok. Biglang inulos

bughang kawal na yaón. Nguni’t ang bata, na nasaló namán ng nars, ay hindi nakaligtás. Tinugis din ng saksák ng bayoneta at halos natuhog ang bata at ang nars. Kakila-kilabot na katampalasanan! Kabuhungáng waláng pangalang maikakapit! Bago nalís ang mga hapón ay pinagsasaksák pa rin ang mga bangkáy na kaniláng iniwan.

Marahil, akala ng mga hapóng yaón ay wala nang ibá pang tao, ay nagsialís at di na tumungo sa “shelter” na napagtaguan ni Lucy at ng mga alila. Ang takot nilá na noón! Wala siláng ginawa kundi ang magdasál! Ang pangyayaring itó ay iniulat sa amin ng isáng kaibigan ni Lucy na siyáng pinagsalaysayan nitó ng nangyaring yaón sa kaniláng magkapatid.

* * *

Pagkatapos na maisalaysay ni ginang Lucy Pamintuan ni Cassanovas ang katampalasanang ginawa sa mag-iná ng kanyáng kapatid na si Ofelia, pagsasalaysay na tumutulo ang luha, ay ibinalita rin ang isáng pangyayaring naganáp bago dumating ang malalagim na pangyayari sa kabila ng ilog-Pasig.

Isáng hatinggabi, ayon kay ginang Cassanovas, sa kanyang mahimbing na pagkakatulog ay anó ba’t napadilat siya na parang may nakitang taong nasasaputan ng isáng puting-puting talukbong. Dahil sa pag-aakala niyáng marahil ay naaalimpungatan lamang (Nasa pahina 19 ang karugtong)

Sinulat ni
J. SANTOS MADLANGBAYAN

Ang May Dusang Puso

(ika-3 Labas)

Nobela ni *Iñigo Ed. Regalado*

“Salamat naman at ang restau-
rang napasukan ko ay hindi ga-
anong tunguhin ng mga nag-aaral
at mga kawani. Nang ako’y pa-
takbong nasok doon ay may ilang
nagsisikain. Palibhasa’y namu-
mutla ako, patakibong nasok doon
at pagdating ay biglang naupo’t
yumupyop sa mesa, ay nabigla si-
la’t ang akala’y kung ano ang
nangyayari sa akin. Isip nila’y
sinumpong ako ng kung anong sa-
kit.

“Bakit, ineng, ano ang dina-
ramdam mo?—ang tanong ng
isang babaing asawa marahil ng
lalaking unang dumalo sa akin.—
Napapaano ka?

“Iniangat ko ang aking ulo.

“Naku, namumutla.—At ang la-
laking yaon na nakapansin sa ku-
lay ng aking mukha ay nagmama-
daling huming sa makaw na na-
roon ng *hot tea*, samantalang hi-
nahagud-hagod naman ang aking
likod ng mabait niyang asawa.

“Huwag na po, salamat po—
ang malumanay kong nasabi na
ang mata’y iginala sa ilang panig
ng restaurant na ang hanap ay si
Silvino.—Nalipasan po lamang
yata ako ng gutom; talaga pong
ganyan ako kung magutom...

“Kung gayo’y sopas na mai-
nit—pakli ng babai.—Mabuti’y
mainitan ang inyong tiyan...

“Siya namang pagpasok ni Silvi-
no. Ito ma’y nabigla rin nang ma-
kitang tila dinaluhan ako ng mag-
asawa at hinahagud-hagod pa ng
babai ang aking likod. Patakbo
siyang lumapit sa amin.

“Tuding—ang biglang pumu-
las sa kanyang bibig.

“Ang aking pamumutla ay hin-
di nakubli kay Silvino.

“Ngumiti ako ng bahagya at
pabulong na binigkas ang kan-
yang pangalan. Pinasalamatan
ko ang dalawang mag-asawa at di
man ibig ay nagawa ko ang ika-
lawang pagsisinungaling dahil sa
lalaking gumulo sa aking isip.
Sinabi ko sa kanila na ang *binat-
ang* dumating ay pinsang buo ko
at kami’y talagang kumakain do-
on. Nagtinginan ang mag-asawa,
aywan kung napuna nila ang
aking pagsisinungaling o naisip

na dahil sa pagdating ng aking
“pinsan” ay kalabisan na sila.

“Mabuti po yata’y alisin nin-
yo siya dito sa tapat ng bentila-
dor—ang sabing tila payo kay Sil-
vino ng babaing patuloy pa ring
hahagud-hagod sa aking likod.

“Siya nga po—ang ayon ng
lalaki,—bakit e... tila po pinag-
papawisan pa ng malamig.

“Ang restaurang iyon, palibha-
sa’y lalong matao kung gabi kay-
sa tanghali, ay may isang panig
na nahahalangan na noong mga
sandaling yao’y walang taong na-
ngangailangan ng bentilador.
Inanyayahan kami ng makaw na
doon patungo. Si Silvino’y napati-
ngin sa akin at wari’y nag-aala-
ngang magpasiya sa kanyang sa-
rili. Nang mahalata ko siya ay
tumindig ako’t kumatig sa kan-
yang kanang bisig. Nagtuloy ka-
mi sa panig na itinuro ng makaw.

“Una akong naupo. Huming
ng pagkain si Silvino at nang ma-
tapos ang pagsulat ng makaw sa
mga ulam na sinabi ay naupo na-
man sa silyang katapat ng aking
kinauupan. Nakapagitan sa amin
ang isang maliit na mesa. Matag-
al na di nakapagsalita si Sil-
vino.

“Ano?—ang pagkatapos ng
mahaba-haba rin namang sandali
ay biglang pumulas sa kanyang
bibig na sinundan ng isang ngiti
na ang mga mata’y di iniaalis sa
akin.

“Anong... ano?—ang naita-
nong ko naman.

“Ibig kong sabihin... —ang
pauntul-untol na sagot na nag-iba
ng hawig,—ibig kong sabihin ay...
ano ang nararamdaman mo nga-
yon?

“Aba, wala!—ang pangiti ko
sa kanya.

“Mabuti ka na, samakatwid
...; nagagalak ako!

“Magalit-galit na mayamut-ya-
mot ako sa aking sarili pagkari-
ngig ko sa huling binigkas ng
aking kaharap. Sakit ko pala ang
tinutukoy niya sa *among* pumulas
sa kanyang bibig. Akala ko’y ang

among iyon ay nahihinggil sa
aming katayuan. Para naman
akong napahiya sa sarili ko na rin
kaya’t nagwala-wala na lamang
akong binuksan ang aking bag at
nagkunwaring may tinitignan do-
on...

“Ibig mo ba ng *hot tea*?—
ang pagkuwa’y itinanong sa akin,
—mabuti ang *hot tea* sa pinagpa-
pawisan ng malamig.

“Kay torpe!—ang nawika ko.

“Ang *kay torpeng* ito ay sa sa-
rili ko lamang at hindi ko ipinari-
nig sa kanya. Ibig kong sabihin
ay mabagal magbigay-kahulugan
si Silvino sa alin mang kilos na
kanyang nakikita. At tila sadya
ngang mabagal, pagka’t kung iba
siya ay di na mauwi sa sinasa-
bing dinaramdam ng katawan ko
ang aming pag-uusap kundi sa ni-
loloob ng bawa’t isa sa amin sa
mga sandaling iyon. Nabawasan
tuloy ng kaunti ang pagkakilala
ko sa kanya.

“Dumating ang makaw na may
dalang dalawang mangkok na
umaaso at buong ingat na ipina-
tong sa mesa. Hindi ko pinansin
ang mga ulam na yaon at nagpa-
tuloy akong kunwa’y may hina-
hanap sa bag. Paminsan-minsan
ay sinusulyapan ko siya. Ang to-
too ay talagang nang mga sanda-
ling yaon ay wala akong pinaki-
kiramdaman kundi si Silvino. Ito’y
sa malayo nakatingin.

“Napansin kong ang aking ka-
lagayan ay iginagalang na mabuti
ng binata. Ako lamang ang kung
bakit tila nayayamot sa kanyang
inuugali hanggang napag-ukulan
ko na tuloy ng *kay torpe*! Nag-
kakaiba ang lagay ng aming dam-
damin. Siya’y mahinusay: ang la-
hat ay dinadaan niya sa lamig.
Samantalay sabik naman ako.
Ibig kong maliwanagan na kung
talagang umiibig nga sa akin si
Silvino.

“Dumating ang dalawa pang
mangkok na umaaso rin at kasu-
nod ang dalawang pinggang ka-
nin at mga baso ng tubig. Patu-
loy rin ako sa pagbubulatlat ng
aking bag. Aywan kung bakit.

Inaksaya ko ang mga sandali sa
kahahanap sa hinahanap na wala.

“Ayaw ka pa bang kumain?
—ang magiliw na tanong si Sil-
vino.

“Kumain ka na—itinugon ko,
—wala pa akong gana...

“Akala ko’y gutom ka kaya
kaya *nagkagayon*...

“Anong *nagkagayon*?

“Sabi nila’y kaya ka namu-
mutla’t pinagpawisan ng malamig
ay pagka’t nalipasan ka ng gu-
tom...

“Sinungaling sila... Aba.
Hindi pala, ako ang sa kanila’y
nagsinungaling.

“Hindi kita maintindihan.

“Namutla ako’t nanlamig,
dahil sa iyo, hindi dahil sa gu-
tom...

“Nangunot ang noo ni Silvino.
Hindi pa rin niya ako nauunawa-
an. Pinagmasdan akong mabuti
at walang ginawa kundi dukutin
ang panyolito at pahirin ang gu-
miti sa noong mga butil ng pawis.

“Kung gayon ay... —ang di
natapos niyang wika.

“Anong kung gayon...

“Kung gayon ay... aalis na
ako, nakasama pala ako sa iyo...,
ako pala’y nakapanlalamig at na-
kapagpapapawis.

“Ako’y napatawa. Sinarhan ko
ang aking bag at nagpakabuti sa
pagkakaupo. Si Silvino’y nakati-
ngin sa akin at di pinapansin ang
tila lumalamig nang mga ulam sa
mangkok.

“Kung sabihin ko ba sa iyong
“huwag kang umalis”, ano ang ga-
gawin mo?

“Hindi ako aalis...

“At kung sabihin kong “oo(
umalis ka”, aalis ka nga?

“Hindi.

“Nagkatawanan kami.

“Noon pa lamang kami nagsi-
mula ng pagkain...

(Saan humantong ang pag-
uusap ng dalawa? Nagpahayag
na kaya ang lalaki? At si Tuding
ay “umoo” na kaya?—Abangan
ang karugtong sa susunod na bi-
lang.)

WALANG naipagmamalaking madalás sa kanyang mga kapatid na babai si Ricardo kundi ang mga katangian ng kanyang kasintahang si Loris.

—Magandá, pinakamagandá sa klase namin sa U.P.—ang wika pa ni Ricardo;—matalino, may-kaya sa kanilang lalawigan, at sa ibabaw ng lahat ay mabait at napakahinhin. Kung kumilos ay masasabing si Loris ay isang babaing di makabasag-pinggan.

—Kung tunay ang iyóng sinasabi ay iyan na ang ibig kong maging hipag—itinugón ng pinakamatandang kapatid na dalaga ni Ricardo.—Anó ang kanyang tunay na pangalan?

—Dolores Valbuena—tugón ng binata,—nguni't sa Unibersidad ay lalo siyang kilalá sa palayaw na Loris.

—Nananabik akóng siya'y makilala—ang sabi namán ng pinakabatang kapatid na dalaga rin.

—Hahanap akó ng mabuting pagkakataón upang maipakilala sa inyo ang may-ari ngayon ng aking puso, ang babaing napili kong maging mutya ng aking tahanan...

* * *

Ang digmaan ay sumikláb at ang pagkakataón upang si Loris ay maipakilala ni Ricardo sa kanyang mga kapatid ay lumayo.

Tinawag na si Ricardo upang makilaban at naging malungkot ang pag-uusap nila ni Dolores.

—Yamang sasama ka na sa hukbo—ang wikang lumuluha ng dalaga,—akó namáy uwi na sa amin. Batid mo nang ikaw ang tanging nagmamay-ari ng aking puso, nagkakalayo man tayo'y makaaasa ka na ang malinis kong sumpa sa ating pag-iibigan ay hindi magbabago kahit bahagya. —At pagkuwa'y inibót kay Ricardo ang isang maliit na tanikalang ginto na may ginto ring agnós na kinápapaloobán ng kanyang larawan.

Hinagkán ni Ricardo ang agnós at ang dalawa'y malungkot na naghiwaláy.

* * *

Samantalang si Ricardo'y kasama na ng hukbong nakikilaban, si Dolores ay naging isá sa makapál na bilang ng mga dalagang tagalalawigan na naiwang kahambing ng yagit na kinatihan ng tubig sa dalampasigan ng Maynila. Hindi makauwi sa kanyang bayan sa kawalan ng masasakyang bapor at hindi namán makatanggap na gaya ng dati ng salaping galing sa mayaman niyang amá. Wala ring kamag-anak na sukat kuma-

Nakipaglaro Sa Panahon

Ni L. MAGSARILI

linga! Ang dati'y napakabuting pamundók, ay kalong nang di mababai na kanyang pinangangaserahan ay tila naging masungit na sa kanya ngayón dahil sa kakulangán ng sukat magugol na salapi. Nang dumating ang mga hapón, kapako ang kanyang gunita: kay lahat halos ng magaganda't mga Loris. Saan naróon ito, ang damahál na damít ni Dolores ay na-

Napansin ng lahat na nawalan siya ng dating sigla: namumutla, tumutulo ang luha, dahan-dahan at padaup-kamay na lumapit sa mikropono . . .



ipagbili. At nang wala nang máipagbili...

Isang kaibigan ang nakahikayat kay Loris upang maging "hostess" sa dating *Alcazar*.

—Magandá ka at lahat ay hanga sa iyó; maniwala ka sa akin na kapag nasa *Alcazar* ka na ay daig mo pa ang namumulot ng salapi.

* * *

Ang *Alcazar* ay kabilang sa mga tinupok ng apoy nang dumating ang hukbong tagapagligtás.

Halos di naglipat-buwán ay pabaya na at masayá ang buong Maynila.

Gayón man... Si Ricardo, na isá sa maluwalhating nakaligtás sa Bataan at kabilang sa mga kawal na naka-

lagang labis niyang minamahál at sayod na kalungkutan. Naging walang kabulhán sa kanya ang mga pang-alíw na inihahandóg ng mga kapatid. Sa iisa lamang nang kapako ang kanyang gunita: kay Loris. Saan naróon ito, ang damahál na damít ni Dolores ay na-

láng anú-ano ay parang sinaksák ang dibdib ni Ricardo. Nápatayo at pinakasipat na mabuti ang pulutóng ng mga nagkakaingáy. Isá sa mga "waitress" ang pinapakalakpang mabuti dahil sa kagalingang sumayáw ng malikót na *boogie woogie*. Palibhasa'y marami ang naipainóm marahil ng kanyang kapareha kung kaya't ang lindi ng katawán ay bagay na bagay sa tugtog na isinásayaw.

—Tila si Dolores!—ang bulóng na walang ibáng nakaringíg at bigláng nabagsák ang katawán sa biglang pagkakaupo. Tinutóp ang noo at sumubsob sa bilog na mesa.

—Wala ka pa namáng natinom, *groggy* ka na?—ang biro ng isá sa mga kasama.

—Hindi!—ang bigláng bumuká sa bibíg ni Ricardo. Akala ng nagbiro, ang *hinding* yaón ni Ricardo ay ukol sa kanyang sinabi, nguni't ibá ang pinag-uukulan ng binata.—Hindi—ang pabulóng na lamang niya,—hindi maáaring si Loris iyón...

* * *

Biglang nag-umugong ang salón sa palakpakan at sigawan. Sa isang pinaka-platapormang naroroon ay nakitang umaakyát ang dalagang napakagaling sumayáw ng *boogie woogie*. Siya'y aawit sa harap ng isang mikropono. At ayon sa pagpapakilala ng "announcer", kung mabuti siyang mag-*boogie woogie* ay lalong napakabuti niyang umawit.

—Siyá!—ang nápatayong sabi na namán ni Ricardo,—siya nga't dili ibá...

Nang matapos ang mahusay na pagkakaawit, si Ricardo'y nápatalón, pumalakpák at nagsisigaw...

Ang masayang "waitress" ay nápatili nang mátanawán si Ricardo. Hindi malaman kung humahaguhól o humahalakhak, nguni't ang "waitress" ay nagtangkang tumalón sa plataporma at tumakas. Náhawakan siya ng "announcer" at pinakapilit na magbalík sa mikropono. Napansin ng lahat na nawalan siya ng dating sigla: namumutla, tumutulo ang luha, dahan-dahan at padaup-kamay na lumapit sa mikropono. Hinuni sa pinaka-patnugot ng orkesta ang kanyang kakanahin.

Pinalamlam ang mga ilaw. Ang lahat ay nagsitahimik nang buong lungkot at lumuluhang inaawit ng "waitress" na yaóng ang *Ay kali-sud!* na lubháng kinagigiliwan ni (Nasa pahina 17 ang karugtong)

—Si Fred ang lalong kahanga-
hangang lalaki na aking nákilala.
Kasama siyá ni Carding kagabi.
Naku, ang kisig niyá! Mataás,
maputi at magandang lalaki. Bug-
haw ang kanyang mga matang
magandang-maganda kung itingin.
Malamig ang kanyang matamis
na tinig. At kung magsalita ng
ingles—malinis na malinis. Ma-
niwala ka sa akin...

Papikit-pikit pa si Gloria saman-
talang nagbabalita sa akin. Hin-
di ako gumawa ng anumang pag-
kukuro. Hindi ako pinapansin ay
nagpatuloy siya:

—Hayaán mo't pupunta kami
sa inyo mámayáng gabi.

—Ha? Mamayang gabi? Hindi
ba nagagalit si Carding?—Ta-
kang-taka ako sa nangyari. Si
Gloria ay bata pa, bago pa la-
mang tumutuntong sa kanyang
ikalabimpitong taon. Sa buong
nasyon ay nalalamang magkatipan
sila ni Carding.

—Ano ba ang pakialam niya
sa akin?—Nangunot ang noo ni
Gloria.—Ba, hindi na panahon
ngayon ng ating mga ninuno—
kapag may katipan ay hindi na
makasama sa ibáng lalaki...

—May sayawan mamaya, hindi
ba? Daanan mo ako. Tila dádaán
din si Carding—ang patapos ko
at sinabi ko sa kanyang kailangan
ako ng isang pasyente.

Kami ni Gloria ay magkalapit-
bahay at malimit na ako, ang pi-
nakikiusapan ng ama upang su-
mama sa mga lakad niya. Nang
bumalik ang mga amerikano ay
ginawang pagamutan ang paara-
lang-bayan at lahat kaming nag-
nagtuturo ay naglingkod doon.

Unang dumating si Carding sa
bahay.

—Ate—aniyá—tila masama ang
hipip ng hangin ngayon.—Mapa-
pansin ang kalungkutan sa mu-
kha ng binata.—Nabalitaan mo
bang ang mga babai dito sa atin
ay naisasama na ng mga GI kung
saan ibig dalhin? Pati si Glor...

Nakadama ako ng pagkahabag
kay Carding. Ang pag-iibigan ng
dalawa ay nagsimula pa sa ka-
musmusan at sa pagdaraan ng
mga taon ay lalong tumátamis.
Dináramdám ko rin kung máuwi
sa pagkabigo ang inalagaán ni-
láng mga pangarap.

Nang tumahol ang aming aso sa
may tarangkahan ay natiyak ko
nang ang dumating ay si Gloria.
Dinampot ko ang *flashlight* at
ako'y tumungo sa balkon upang
tanglawán ang dáraanan ni Glo-
ria. Nákitá kong isáng kawal

NALAGAS NA TALULOT

amerikano ang may hawak sa bi-
sig niyá. Nagtatáwanan silá.

—Tuloy, tuloy kayo—aniko sa
ingles. Yumukod ang kasama ni
Gloria na nákilala ko agád na si
Fred.

Nang nasa bulwagan na sila
ay tila pa nagitla ang amerikano.
—Dick?

Tumindig si Carding at kina-
mayan siya.

—Ito ang aking pinsan, Fred.
Ate, si Fred Cushing—ang paki-
lala ni Carding. Nagkamay kami.

—Pupunta rin yata kayo sa
sayawan ay sabay-sabay na tayo
—ani Fred sa kanyáng sariling
wika.—May dalá kaming *jeep*—
aniyá pa na tumingin kay Gloria.

Tumingin ako kay Carding.
Nais kong matarok ang kanyang
loobin. Maasim ang kanyang
mukha. May damdaming kinuku-
yom si Carding sa dibdib. Nguni'tsiyang maniniwala at hindi ma-

bing kay Fred. Nakita mo ngayon-
ano ang ginawa?

Naupo ako sa silyang katapat
ng upuan ni Carding.

—Nápakabata kasi si Gloria
upang makisalamuha sa lipunan.
Kung masasabi ko nga lamang sa
kanyang ama...

Si Don Jose ang alkalde ng
aming nayon at ang ama ni Car-
ding na kapatid na bumso ng
aking iná ang gobernador ng
lalawigan.

—Isipin mo, Ate. Minsan ay
sinabi sa aking sa ganda raw ng
boses ni Fred ay maári siyáng
makinig dito habang-buhay. Ba-
kit nga hindi gaganda ang boses
niyon ay mang-aawit sa radyo?

Pagkatapos ay sinabi pang isasa-
ma daw siya sa Amerika, papag-
áaralin at kung anu-ano pang ka-
ululán. Nang sabihin kong huwág
umulán. Nang sabihin kong huwág
umulán. Nang sabihin kong huwág

Kuwento Ni

LIWAYWAY A. ARCEO

naisip kong tila hindi mabuting
tignan kung hindi naman kami
sumama.

—Susunod na kami ng Ate—Si
Carding ang nagpasiya. Nakita
kong lumabi si Gloria at kinalabit
si Fred.

—Nagmamalaki na ngayon ang
kaibigan mo...

At nagtindig ang dalawa upang
dumalo sa sayawan. Naiwan kami
ni Carding.

—Sasama ka, pagkatapos ay
kung anu-ano lamang ang mariri-
nig mo...

Hindi ko malaman kung sino
ang kinausap ni Carding: kung
ang kanyang sarili o ako. Nguni't
sinagot ko siya:

—Bakit ba naman kayo nagka-
kabigatan?

—Naku, Ate, wala nang sinasabi
sa akin ngayon si Gloria kundi
si Fred. Kung bakit ko pa naisa-
ma-sama sa kanila ang buwisit na
iyan! Sa harap ko at sa harap
ng kahit sino ay lalambing-lam-

nanatili dito ang mga kawal ay
naninibugho daw ako. At nang
sabihin ko kay Fred na magkapa-
tipan na kaming dalawa ni Gloria
ay pinabulaanan ni Gloria. Sabi
ay talaga raw *ganito* ang mga
binatang pilipino kung may nai-
bigang dalaga na hindi naman
iniibig. At sa harap ng mga tao
ay...—Sinapo ni Carding ang
kanyang baba.

—Hayaan mo at kakausapin ko
siya. Ang totoo ay napipilitan
akong pabayaán na ang gusto
niya. Siya na lamang ang pinag-
uusapan ng mga tao.

—Bakit nga hindi magkakaga-
noon ay hindi na halos humihiwa-
lay kay Fred?

Hindi ko matatawaran ang si-
nasabi ni Carding sapagka't si-
yang nangyayari. Hindi ako na-
katiis ay kinausap ko ang ka-
niyáng amá at iminungkahi kong
ibalik na sa Maynila at ipaghin-
táy ng pagbubukás ng kolehiyo.
Nang málaman ito ni Gloria ay
tumutol.

—Ayaw ko nang mag-aral.

—Anong mapapala mo kay Fred?

—Galit na galit na rin ang ka-
niyáng amá.

—Bakit anong mapapala? Sa-
bi niya ay pakakasal naman daw
kami?

—Ha? At naniwala ka naman?

—Totoo iyon, bakit hindi ako
maniniwala?

Hindi na ako nagpilit sa kan-
yáng amá. Ipinalagáy ko na la-
mang na wala akong sinabi. Ipi-
nagbigáy-alám ko kay Don Jose
na hindi ko na mapanágután
ang anumáng gágawin ni Gloria.
Hindi na ako sumama sa kanya.

Isang linggo ng gabi ay nagbi-
gay ng benepisyó ang aming pa-
gamutan. May sayawan noon sa
palaruan ng tenis sa bakuran ng
paaralan. Inanyayahan ko si Car-
ding

Magandang-maganda si Gloria
nang gabing yaon sa suot niyang
baro't sayang rosas bagama't sa
tingin ko ay tila nangayayat. Ma-
tagal-tagal ko rin siyang hindi
nakakasama. Hindi sila naghihi-
walay ni Fred. Si Carding naman
ay hindi nagtagal sa sayawan at
umuwi. Ganoon din ang aking ga-
gawin kung ako ang nasa katayuan
niya: tinatawanan siya ng mga
kapuwa binata at pinanghihina-
yangan ng mga dalaga.

Minsan ay bigla akong ipinata-
wag ng ama ni Gloria. Maysakit
daw si Gloria. Naratnan ko si-
yang maputlang-maputla at pug-
tung-pugto ang mga mata.

—Kailan pa nahiga ang ba-
tang ito?—ang tanong ko kay
Don Jose.

—May tatlong araw na ngayon
—ang kanyang tugon.

—Bakit hindi sinasabi sa akin?
Ano ang ginagawa ko sa ospital?

—Ayaw niya e...

—Bakit?—ang tanong ko.

Biglang umiyak si Gloria.

—Aba, walang tigil ng kaiiyak
iyan. Ni ayaw kumain... Para
hindi lamang nagpaalam ang lin-
tik na *iyon* ay nagkakaganyan ka
na...

May tatlong araw na nga pa-
lang nakalilipat sa ibang kampa-
mento ang dibisyon nina Fred.

—Itay, mag-uusap... lamang
kami—ang sabi ni Gloria at iti-
naas ang kamay at hinudyatang
lumabas ng silid ang kanyang
ama.

Naupo ako sa gilid ng kanyang
kama at hinawakan ko siya sa
kamay.

—Ano iyon.

(Nasa pahina 17 ang karugtong)

ANG "MULTI-LIBINGANG-

SA gawing likuran ng nasunog na simbahan sa Sampalok, hanggang unang mga nang taon ng pamahalaang amerikano, ay marami pa ang nakádalaw sa kung tawagi'y lumang libingan ng bayang nasabi. Lumang libingan ang naging katawagán, palibhasa'y inilipat sa dulo ng dati'y tinatawag na Balikbalik ang pook na iniukol sa hulíng tirahan ng mga tao. Ang pook na itó ay nasa gawing kung tawagin ngayón ay Calabash Road. Ang dalawang libingang tinutukoy ay wala ngayón kapuwa.

Nang mga unang taón ng panahón ng mga amerikano, ang lumang libingan ay binúbuksán lamang kung dumarating ang kaarawan ng *todos los santos*. Mangyari pang di ang hindi nahihirapan ang mga may kamag-anakang nalilibing doon sa paghahawan ng mga ligaw na damóng naggugubat. Gayón man, ang libingan, pagdating ng kaarawan ng mga patáy ay nápapahalintulad sa isáng palanas na nagiging pasyalan ng marami upang panoorin at hangaan ang katangian ng bawát gayák na inilalagáy ng mga kamag-anak sa libingan ng kaniláng mga ninuno.

Ang naulit na libingan, libingang nasa likód ng simbhang nasunog, ay wala na ngayón ni bakás ng alaala; nguni't iya'y isáng libingang nagkaroon ng pilás na dahon sa kasaysayan ng mga pangyayaring maláalamát; hindi maáring limutin ng mga tubo sa Sampalok sapagka't iginalang at pinagkatakután.

Kung bakit pinagkatakután ay núnunuyin natin ngayón.

Kalát na kalát ang paniwala ng marami na kung gabí, buhat sa oras ng mga káluluwá, ay may *lumálabás* doon. Kaya nga't pagkagát ng dilím sa lupa ay wala nang makapangahás na magdaán sa gawing malapit sa nasabing libingang luma. Iniuulat ng mga matatanda na noong panahón ng kastila ay may namatáy na isáng sakristan samantalang hinihila ang lubid ng kampana sa pagtugtog ng *ánimas* o ika-8:00 ng gabí. Umano'y nakakita itó ng isáng bultóng tila nasasaputan ng lambong na maitím na maitím. Sa tabí ng bultó ay naglabasan namáng halos sabáy-sabáy ang ilaw na tila gumuhit na paitaás, kahambing ng bulalakaw na sa halíp na pababa lamang sa lupa ay pailanláng na paakyát namán sa langit. Ang balita ay lumaganap ng gayón na lamang at diyán na

nga nagsimula ang pagkatakot ng marami sa paniwalang may *lumálabás* sa libingang nabanggit.

Ang libingan sa likód-simbahan ay kulóng ng mga bakod na bató na lubháng malapad ang pagkawaga—pagka't pinaglilibingán din; kung tawagin itó ay nitso. Ang kahangga, sa gawing likod ng bakod na bató ng libingan ay isáng malawak na masukal, na kung minsa'y pinagtatamnán ng tubó, nguni't sa kadalasa'y puno ng mga damó at talahib na lampás ulo ang tataas. Sa dakú-dakó roon ay may isá namáng tibagan ng bato na malimit ding nagsusukal at kung umuulán ay nagsisilbing palaisdaan ng mga tagaroon na kinahuhulihan, matapos limasin, ng mga isdáng martini-ko, dalág at kadalasa'y hito. Sa pagitan ng tibagan itó at ng lawak na yaón ay may nakatirik na isáng bahay na katamtaman ang laki, siím ang bubungán at batóng silyar ang saligán sa buong paligid. Ang mayamang kastila na nagmay-ari sa bahay na itó ay nagpapatunay na may lumálabás nga sa libingang luma. Kaya't pagkatapos pag-usapan ang libisila'y napilitang umalís at ini-

wang nakatiwangwang ang magandang bahay na yaón. Matagál sabi na waláng nakapangahás na tutulog isáng gabí sa bahay na diumano'y pinanggagalingan ng multóng napatutungo sa libingan. At ng panahón at naging itím na kinuha pa raw ang kuwáltang namaláluntian ang kulay ng mga bató. Nang dakong huli, kung anó ang takot sa libingang luma ay gayon din ang naging takot sa bahay na nasa pagitan ng lawak at ng tibagan.

Sinasabing ang diumano'y *lumálabás* sa libingan ay sa bahay na yaón nanggagaling. Nakakaringig pa raw ng kaluskós ng malalaking tanikala na hila-hila ng isang taong ayon sa matyag ay naglalakad sa loob at labas ng bahay na nasabi. May mga hatínggabí pa umanóng may tangláv na ilaw ang isá sa silíd noon.

Nang minsang magkáhambugan ang mga binatang Sampalok, sa harap ng isáng magandang dalagang may pábiyakán ng tubó, pagkatapos pag-usapan ang libingan at bahay na pinagkákataku-

tán, ay buong pagmamalaking nagsabi na siya'y nakahandang matulog isáng gabí sa bahay na diumano'y pinanggagalingan ng multóng napatutungo sa libingan. At ng panahón at naging itím na kinuha pa raw ang kuwáltang nasa bulsá at sinabing "ipinúputá ko ang lahát ng itó". Ang hamon ay tinanggáp ng kaagaw ng binatang sa dalagang may pábiyakán ng tubó.

Kinámakalawahán ay lumaganap ang balita na ang binatang mapangahás ay hindi makapanaog ng bahay. Nanginginig pa raw sa takot hanggang nang mga sandalíng yaón. Ang kanyáng mga kabigán, patí na ng kapustahang binatang na kaagaw sa dalaga, sa halíp na siya'y pagtawanán ay nagsidalaw at nagsipagdaláng-awa. Isinalaysáy ng binatang pangahás ang nangyari sa kanya. Ika-5:00 ng hapon pa lamang ay nangtungo na siya sa bahay na pinagkákatakután. May baon siyáng pagkain at nagdalá rin ng baníg at kumot. Nang kumagát umanó ang dilím ay mapayapang kumain at humanda sa anumáng mangyayari. Naglakád-lakád daw muna siya, bago pagkuwa'y inilatag ang baníg sa isáng sulok ng kabahayan. Nakatulog daw siya nang waláng anumáng nangyayari. Nguni't...nang maghahatinggabí na ay nagkaroon ng ilaw at lumawanag ang bahay. Tinangka niyang magbangon, datapwa't isáng tinig ang náringig niya, tinig na malamig at malalim, at galing sa siráng kisame ng bahay. *Ave María Purísima*, ang wika raw ng tinig. Nagsimula ang panlalakí ng kanyang ulo. Umulit ang tinig at iyón din ang sinabi. Pagkatapos ng ikatlong ulit ay may lumagpák sa kabahayan. Nang tingnan niya ay paá ng isáng tao ang nakatayo. Ang *Ave María Purísima* ay naringig niya uli. Lagapák na namán at naging dalawá na ang nakatayóng paá. Umulit uli ang tinig, at may nahulog na namán; ang dalawang

Sinulat ni
MARIO GAT SALAMAT

Patak Ng Luha...

Sa Araw ng mga Patay

*Sa puntod ng isang ulilang libingan
na wala ni kuros na palatandaan,
may isang babaing tila nagdarasal
ng taos sa puso at padaup-kamay.*

*Nang maka-ang-tanda'y hinawan ang puntod
luha'y tumutulo't hihimu-himutok
at nang mahawan na, tumayo't nagkuros
at saka pamuling tumawag sa Diyos.*

*Siya'y isa riyán sa maraming dukha
na di-makabili ng isang kandila...
Nguni't kung tuusin, sa libingang tupa'y
lalong tumitiim ang patak ng luha...*

PANIMDIM

Maynila, 1945

D" SA LUMA

paá ay nadugtungan ng katawán; mga lalaki ay tulungan ninyo pagkatapos ay nagkaroon ng mga ako"...

kamay at sa kahuli-hulihang Ave —At anó po ang ating gagawin? *Mara Purísima* ay bungo ang nahulog na siyáng naging kabuuan —itinanóng ng isá.

ng katawán ng taong naroroón. —Sama-sama tayong pumaroon sa hapon ng *todos los santos*, pagka't ito raw ang mabuting araw; Ang dalawáng butas ng matá at halughugin natin ang bahay, at ang butas ng bibíg ay nilálabasan kung may makita tayong anumáng ng apoy. Hinarap daw siya at tandang sukat magíng dahilán ng "anó ang ginagawa mo rito, taong gayóng pagkakatakót, sunugin makasalanan?" ang wari'y itinanón sa kanya. Siyá raw ay bumalíkwás at hindi na niyá nalaman kung anó pa ang nangyari. Para raw siyáng nanaginip lamang at nang mágising ay nasa bahay na siyá at pinagkákaguluhán. "Ayoko na, hindi na akó makapangangahás" — ang wika pang tila sumusumpa.

Bagamán nangyari ito ay marami pa rin ang di-maniwala. "Kaululán!", ang sabi pa ng mga lalaki. Gayón man ay nagpatuloy ang pagkakatakót sa bahay na yaón sa libingang nasa likód-simbahan.

May nagsasabi namán na ang lahát ng yaón ay gawa-gawa ng isáng kastilang lumiligaw sa isáng babaing nakatirá sa malapit sa simbahan. Sa pagnanais ng kastila na huwág makarating sa bahay ng dalaga ang mga binatang kanyáng kaagáw ay nag-isip ng gayóng paraán. Upang magsilayo sa pook na nasabi. Upang mangailáp at mangatakot.

Dumaan ang iláng panahón. Patuloy ang pagkakatakót ng mga tao. Isáng araw ay nagpabando ang kapitan at sinabing ang mga lalaki ay kailangang magkatipon sa tribunal sa gayóng araw at sa gayong oras. Tumupad ang marami sa pag-aakalang mahalagáng bagay pará sa bayan ang pag-uusapan o ibabalita sa kanilá ng kapitán. Nang nagkakaipon na ay ipinahayág ng kapitan ang dahil ng kanyang pagpapatawag. "Hindi dapat magpatuloy ang pagkakatakót ng mga tao. kailangang tuklasín natin ang luwasa't hulo ng lahát ng iyán," ang sabi ng kapitan. "Ayon sa napag-alaman ko," ang patuloy pa, ay isáng malaking kaululán ang pagkakatakot ng lahát; kung kayo'y

hán ng mga kalulwa. Suko sa kanyáng dasál ang lahát ng multó.

Walang nangyari sa lakarang yaón at ang hiwaga ng bahay at libingang pinagkatakután ay nanatili sa masungit na dilim ng mga maling paniniwala.

Sumang-ayon ang lahát at pinagkáyarian pa mandíng ang pangkat ng mga mandarasal na kapatíd ng kurdón ni hermana Tikay ay ipagsama at nang sila'y magkatulung-tulong sa pagdarasál. Gayón nga ang ginawa. Kinahapunan ng *todos los santos* ay lumakad ang isáng pulutóng na pinangungunahan ng kapitan. Si hermana Tikay ay nakasuót ng kanyáng damít na itim, itim na itim, na umano'y pangontra sa mga maligno, sa mga engkanto at sa mga multó. Tiwasáy na naglalakád ang lahát at si hermana Tikay na nalalambungán ng putós na itim ay siyá pang nagtuturo ng landas na dapat pagdaanan. Datapwa't pagdating sa gilid ng tibagan, na naging parang isáng ilúg-ilugang puno ng tubig, ay pinanghabutan ang lahát at waring ayaw magpatuloy. Malapit na silá sa bahay na patutunguhan. Ang paa ng maraming lalaki ay tila may pagigát. Hindi máihakbáng. Kung *iláng sumasampalataya* na ang naidarasál ng mga babai sa pamumuno ni hermana Tikay ay di pa rin nawala ang takot ng lahát. Waláng anú-ano ay nakaringíg sila ng kalabóg na sinabayan ng isáng malakás na atungal. Ang matakang pang na kapitan ang siyang unang kumaraykáy ng takbo at siyá pa rin ang nakasagasa sa mahinang si hermana Tikay na nagtatlung

Walang nangyari sa lakarang yaón at ang hiwaga ng bahay at libingang pinagkatakután ay nanatili sa masungit na dilim ng mga maling paniniwala. Ang nakapagtataká ay kung bakit nang ipasiyá ng mga maykang pangyarihan sa loob ng kapanahunan ng mga amerikano na sinarain na ang libingan at gawing mga lansangan ang tubuhan at tibagan ng batóng kinatitirikan ng nasabing bahay ay waláng anumáng nangyari sa mga sumira sa libingan at sa nagsigawa ng mga daan sa tibagan. Ang kinálagyan ng libingang luma ay pinaglalagusan ngayón ng daang Arenas at ang pook ng tibagan ay siya namáng nilusután ng mga daang Lipa at Isabel at ang lalong masukal na bahagi noon ay siya namáng kinatátayuán ng National University.

Kung hindi nagbago ang paniniwala ng mga tao at ang libingna't bahay na yaón ay nagpatuloy sa dati niláng kalagayan, marahil, sa pagdating na itó ng kaarawán ng *todos los santos* ay mapupukaw na namán ang pagkakatakót ng marami. Ang bagay na ito'y aking sinulat lamang upang maging isáng pang-alaala sa araw ng mga patáy at maging isáng katunayan namán na ang maling paniniwala ay siyáng umaakay sa tao upang lumabo ang isip at maging matakutín sa anumáng bagay na hindi dapat katakután.



Si hermana Tikay ay nakasuót ng kanyáng damít na itim, itim na itim, na umano'y pangontra sa mga maligno . . .

ANG

"PAPEL-DE-HAPON"

(KARUGTONG)

SA bisa at kasaganaan ng *papel-de-hapon*, lahat ng naibigang bilhin ng Hapon sa Pilipinas ay matitigas na loob ang napalambot, maillap na napaamo, at di-kakaunting dating wala ang nagsipagmilyunaryong bigla.

Datapwa, may ilang pangyayaring waring balintuna, at nakapagtataka. Malalim na palaisipan itong mahirap maturingan kahit na ng mga pinunong hapon na ring may-kagagawan.

Ganoon nang kasagana sa pananalapi, na gaanumang ibigin ay mayroon, at makagagawa ng hanggan sa bilang na walang hanggan; nguni't nangyayari pa rin, kung bakit, hanggang nang mga huling buwan dito ng kapangyarihang hapon, ay lalong nagpakaiba-ibayo ang kanilang mga kabalalasan.

Nang-iilit ng mga palay at bigas sa mga magsasaka at naglalakbay. Nananamsam ng mga gulay, bungang halaman, lamang lupa, at balanang naaani sa mga pananiman. Nanghaharang at nandadahas sa pagkuha ng mga isda sa mga palaisdaan, sa mga bangka, daungan at pamilihan. Nanghuhuli't nagpapahuling sapilitan ng mga hayop na papatayin, gaya ng baka, kalabaw, kambing, baboy, manok, at iba't iba pa. Nananamsam ng lahat ng uri ng mga sasakyan: sa mga dagatan at ilog, mga lantsa, kasko, bangka; sa katiha'y mga automobil, trak, kalesa, dokar, karitela, kariton, bisikleta, pati na pus-kart. Nagpa-paalis na sapilitan ng may-ari sa malalaki't magagandang bahay na matitirhan, at ang mga kahit mahahalaga't maririkit na kasangkapan, kung di nangagamit ay ipinangagatong lamang. Umuupa sa mga manggagawang lalaki ng piso hanggang dalawang piso sang-araw; sa mga babai'y sansalapi muna hanggang naging tatlong salapi; na, nang una'y nanga-bibigyan ng bigas tigsasanggatang, na kinala-kalahati na lamang nang malaon, hanggang nawala na nang lubusan. Bukod sa lahat ng iyan, nagpairal pa ng sapilitang pagpapagawa sa mga lalaki, at pati na sa mga babae, sa pama-

magitan muna ng mga samahang "neighborhood", bago sa pamamagitan ng panghaharang sa mga naglalakad sa daan, na wala nang upa'y wala pang pakain, at karamiha'y isinasakay sa mga trak, dinarala kung saan-saang pagawaang-hukbo, at sa mga nadala'y di-kakaunti ang mga di na nakauwi sa kani-kanilang tahanan, at maanong ang mga mag-aanak na naiwan ay nagkabalita man lamang.

Anó pa ang kailangang guma-wa ng gayóng mga pambabalasubas sa isáng bayan pa namáng pinaaamo, gayóng lahat namá'y mabábayaran ng kung gaano ang ibig ng nagpápabayad, at wala namáng ipamamayad kundi *papel-de-hapón* lamang? O ang saring budhi na rin nilá ang nag-uutos na huwag magpahalata sa mga pilipino ng waláng-takdang kasaganaan sa pananalapi; o talagáng di nilá mapaglabanan ang sumpong ng damdaming mapanlupig at mapandahás sa bawá't lupaing mátuntungán, upáng mapaamo ang mga tao sa pamamagitan ng gutom at máibuyó sa paggawa ng mga kasalanang sukat niláng mádahilán sa pagpaparusa ng sari-saring pahirap at kamátayan.

Isá pang kabalintunaang nápakahirap ipaliwanag sa mga nangyayari noón, ay ang kung bakit habang gumagamaw sa kabi-kabila ang gayóng pananalapi, ay lalo namán dumarami ang mga taong, dahil sa gutom ay nangabubuwal at túluyan nang nábuurool sa mga tabíng-daán; lalong dumarami ang mga babai't batang nagháhalungkat sa mga básurahán ng anó mang bagay na mapupulot at má-ippapasal sa bibig at sa hungkág na tiyán; lalong sumisidhi ang hilig at lakás ng loób sa pagnanakaw, di lamang ng magugulang nang lalaki, kundi pati na ng kababaihan, at lalo pa ng kabataan.

Sa mga sasakyáng laging siksi-kan, sa mga simbahan, sa mga pámilihan, at saán pa man may tipunán at gitgitan ng maraming tao, ay nároo't namámayaning hari ang mandurukot. Sa mga

pámilihan at tindahan, ay di lamang pang-araw-araw, kundi pang-oras-oras na halos ang mga hagara, na pagkakatuus-tuos, ay isang munting bangus, isang niyog iláng saging, o iláng taling gulay ang naging sanhi ng paghahagaran at sigawan, na pag nagkátáoy may napahalo pang ilang pu-tók, isáng patáy at iláng nasugatang waláng kasalanan.

Bakit noón, na wala nang litis-litis kung parusahan ng kamátayan ang magnanakaw, ay lalo namáng nagpakarumami ang mga nabuhay at naging dalubhasa sa pagnanakaw?

Lahát ng himpilan ng pulisya ay púnuan sa napipiit na naghihintay ng paglilitis sa húkuman. Araw-araw ay may násasalubong o násusundan sa mga lansangan, na parang katay-katay na mga isda sa pagkakabit-kabit ng tali sa mga bisig, inihatid o kina-kaón sa húkuman ng mga sandataháng pulis, at siyamnapu sa bawá't sandaán ay kabataang buhat sa lalabindalawahin hanggang lalabingwaluhing taóng gulang. Ayon sa isáng hukóm sa Maynila, na nákausap ng sumusulat nitó, sa pagkakásiksikan at sa gutom sa mga kúlungan ng pulisya sa ibá't ibáng himpilan, ay 25 sa bawá't 100 bilanggo ang namamátáy buwan-buwán, na di na inabot ng araw ng sa kanila'y paglilitis, at ang siyamnapu rin sa bawá't sandaán ay náhuli't nása-sakdal sa pagnanakaw, pandurukot, pang-uumit, panunuba, panghaharang, pagwawaldas ng mga salapi o hiyás na nátiwala sa kanilá, at ibá pang uri ng sala sa ariarian ng ibá.

Isipin na lamang na ang lahat nang yaón ay nangyari at ginawa ng isá't isá, dahil na dahil lamang sa *papel-de-hapón*!...

* * *

ISANG batás ang nálagda noón, na nag-aatas sa Pámahalaán ng "Republika ng Pilipinas" na magbukás ng isáng Pambansang Lagakáng-Salapi, na pamámagatang "Central Bank of the Philippines". Inakalang ito'y isáng paraáng mahalulunas sa balintunaw súliranin

ng "gutom sa gitna ng kasaganaan."

Tigib na tigib ng salapíng *papel-de-hapón* ang Bank of Taiwan, ang Philippine National Bank. Bayung-bayóng kung magpasok at maglabás ang umaagos na dami ng tao araw-araw sa mga tinurang bangko. Mámimili't nagbibili ng mga bahay, lupa, kasangkapa't ibá pang ariarian; mga mángangalakal mga taumpamahalaan, mga maypáupaháng bahay o sasakyan, mga kawani at manggagawa, pati na mga hamak na manlilinis-sapatos lamang, ay madalás na nagkakágawán pa't siksikan sa hapág na lagdaan ng mga tseke at sa hanay ng mga maglalagak o kukuha ng mga lakus-lakos, bungkus-bungkos at bayung-bayóng na *papel-de-hapón*.

Subali't bakit pa kayrami-rami sa mga lansangan ng naglaboy na pulube, at sa mga bangketa'y nakalugayák na kalung-kalong at naliligid ng iláng anák na súgatin at para nang patpat ang mga kawatán sa kapayatán, saka araw-araw'y may nangabubuwal sa gutom at nangababangkay na sa mga tabíng-daán?

Sa harap ng ganitóng kalagimlagim na mga pangyayari, ang ating mga dalubhasa sa pananalapi ay nangatuluyang maniwala at magpatibay, na habang hindi nasasapa ang gayóng pagbaha ng mga *papel-de-hapón*, ay lalong maaanod sa laot ng pagdarálita at pagkalunod ang sambayanan.

At ang Central Bank nga ang siyáng nápanukalang mabisang panugpo sa katiwalián. Sa kapangyarihan nitóy mapakfialaman at matátakdaán ang pakatákatabay na pagpapalabás ng mga salapíng waláng-pananágutan. Ang mga *papel-de-hapón* ay unti-unti, aniláng, matutubós o mapápalitan ng mga salapíng, kahit *papel* ding yari't galang sa Hapón, ay masasabing *dyinwain* na, pagka't magkásariling taták-pilipino at panánagután na ng "Republika ng Pilipinas".

Ang Kágawarán ng Pananalapi nitó ay nagpagawa na ng huwaráng salapíng-papel, na banghay-banghay sa mga halagáng lilimahíng séntimos, sasampuin, (*Nasa pahina 21 ang karugtong*)

Ni LOPE K. SANTOS

I L A N G - I L A N G

ANG BUHAY NI FAUSTO

Sinulat ni
CIRILO BOGNOT

(KARUGTONG)

Ang nag-udyok sa akin upang sulatin ko ang Alamat ng Fausto, sa wikang pambansa ay katulad din ng nag-udyok kiná A. Maffei, sa Italya; Castillo, sa Portugal; at sina Francisco Pelayo Briz, Jose Casas Barbosa at Guillermo English, sa Espanya: upang ibunyag ang isang matandang alamat sa Alemanya, isang alamat na naging sanhi ng pagkakatanghal ng maraming manunulat na alemán na ang pinaka-tampok nila ay si Goethe (dakilang pilosopo at manunulat na aleman) at maraming musiko sa buong Europa.

Unang nakilala sa Pilipinas ang alamat ni Fausto sa pamamagitan ng pagpapalabas sa Maynila ng Opera Fausto, nguni't bihira ang nagsikap hangga ngayon upang alamin kung ano ito at kung ano ang nilalaman at kahulugan. Ang Fausto ay walang iniwan sa *Divina Comedia* ni Dante, sa Italya; at *Don Quijote de la Mancha* ni Cervantes, sa Espanya. Ang Fausto ay siyang pinaka-tanging babasahin sa buong Alemanya.

Saan at kailan nagsimula ang diwang nagbigay sa tanyag na doktor, na hindi nasiyahan sa makitid at maikling kapangyarihan ng tao, at ninais niyang baguhin ang pangkaraniwang takbo ng panahon sa pamamagitan ng kanyang pakikipagkasundo sa demonyo? Noong unang panahon, ang mga klasiko ay may tinawag na Pigmalion at Prometeo na diumanoy nagsikap na malabanan ang kalikasan, ang katauhan, ang lihim ng langit at ang kamatayan. Sa simula ng pananampalatayang kristiyano, ang mga ganitong pagsisikap ay pinanganganlang maka-demonyo, dahil dito ay madalas tawagin ang mga "pangahas" na "may kaugnayan sa alagad ng impiyerno." Noong ikatlong siglo ay natanyag na ang kasaysayan ni San Gregorio Nacianceno, kasaysayan na bihira ang katolikong hindi nakabatid; sumunod ang kay Cipriano, tanyag na manghuhula sa lunsod ng Alehandriya, na diumano'y lihim na

nakipagkasundo sa demonyo upang maibigan siya ng isang kristiyana na nagngangalang Justina.

Ang tanyag na mandudulang kastila, si Calderon de la Barca, ay sumulat ng isang dula na pinamagatang *El Magico Prodigioso*, na nababatay din sa buhay ni Cipriano ng Alehandriya, at, alinsunod kay Sanchez Miguel, nahahawig din sa kasaysayan ni Dr. Fausto ng Alemanya.

Ang alamat ni Fausto, na sa palagay ng maraming manunulat ay hindi tunay na tao at hindi nabuhay kailan man, kundi likha lamang ng isipan ng mga unang manunulat na alemán, ay may kahambugan na buhay ng isang tao na nabuhay at nagngangalang Dr. Fausto. Ang doktor na ito ay may mahiwagang kabuhayan; hindi nalalaman ng karamihan kung saan ipinanganak at kung saan galing na bayan. Sukat at lumitaw at tumira sa isang bayan at pagkatapos ng ilang taon ay biglang nawala. Isang hiwaga! Mula noon ay lalong lumaganap ang alamat tungkol kay Fausto, nguni't idinagdag ang titulong doktor sa kanyang pangalan, at upang lalong magkaroon ng hugis ng isang katotohanang pangyayari ay binigyan pa siya ng pangalang Juan, kung kayá't nákilala mula noon sa tawag na Dr. Juan Fausto.

Ang pinaka-ubod ng alamat ay may diwang kristiyano: isang taong pangahas at walang kasiyahan; nag-aral ng sarisaring karunungan upang matuklasan ang mga lihim ng kalikasan, at sa kanyang pagsisikap ay humantong hanggang sa siyá'y tumawag ng saklolo sa demonyo upang siya'y turuan ng mga karunungan lihim. Ano ang kanyang ipinangako bilang kabayaran ng demonyo? Ang kanyang kaluluwa. Oo, ibibigay niya ang kanyang kaluluwa sa demonyo pagdating ng sandaling siya'y mamatay. Inilalarawan ng mga unang kristiyano na ang lahat ng pangahas na pagsisikap sa pag-aaral ay walang ibang hangarin kundi malampasan ang kapangyarihan ng Diyos,

kung kaya ang mga ganitong pagpupunyagi ay walang kahahantungan kundi ang impiyerno.

Nang lumitaw si Goethe, pinaka-dakilang pilosopo at manunulat na aleman, ay pingsikapan niyang mabago ang alamat ni Fausto. Sumulat siya ng isang "poema" o tulambuhay at kanyang ibinatay sa alamat ni Fausto; nguni't binigyan niya ng ibang katapusan, isang maligayang katapusan na ang kaluluwa ni Dr. Fausto, nang ito'y mamatay na, ay hindi dinala ng demonyo sa impiyerno, pag-alinsunod sa kanilang kasunduan, kundi kinuha siya ng tatlong arkanghel at iniakyat sa langit.

* * *

Ang Faustong nakikilala natin sa Pilipinas ay hindi Fausto ni Goethe, kundi Fausto sa opera ni Carlos Gounod, at dahilan sa ito ay isang dalubhasa sa musika at hindi manunulat, ang kanyang opera ay hindi tiyakang nasasalig sa aklat ni Goethe; dahil dito ay masasabi ko na hindi tumpak ang kaunting kabatiran natin tungkol sa alamat ni Dr. Fausto.

Sa opera ni Gounod ay hindi nailalarawang mabuti si Fausto, sapagka't ang nasa isipan ng musiko ay ang armoniya ng tugtugin, tangi pa sa pangyayaring kailan man ay hindi tumpak na mailalarawan ng musika ang pasikot-sikot na landas ng isang mahaba at mahiwagang kabuhayan ng isang taong likha ng isang alamat. Dahil dito, ang Fausto ni Gounod ay nawawalan ng kadakilaan sa larangan ng panitikan, at nawawalan ng tunay na pagkatao ang larawang linikha ng isipan ni Goethe; at ang nakikinig ay nasiyahan lamang sa sandaling ang doktor ay muling naging bata upang pumagitna sa larangan ng pag-ibig at kanyang áawiting tulad ng isang tenor ang kanyang paghanga kay Margarita.

Ang mga unang talata ng tula ni Goethe na inilagay sa bibig ni Fausto ay gayari:

Pilosopiya, Poon Diyos! Hurisprudensiya

*At medisina, at teolohiya,
Sa kasawian ko ay pinag-aralan
Ko ang lahat ng iyan,
Sinuri ko at pinagmasdan;
Nguni't ako'y nalinlang.*

*Matapos kong pag-aralan ang lahat
ng iyan*

Ano ang aking natutuhan?

*Ang lahat ng iyan ay nalalaman
ko na*

*At may sampung taon nang ako'y
isang guro.*

*Wala akong natutuhan kundi ang
ako'y wala*

Pang nalalaman.

* * *

KABUUAN

Ang alamat ng Fausto ay nagsimula noong "edad media." Ginamit ng mga ilang tapat sa Simbahang Katoliko na parang kasangkapan laban sa makabagong diwa ng pananampalataya. Walang iniwan sa nangyari dito sa Pilipinas noong bago matapos ang siglo XVIII at nang nagsisimula ang siglo XIX, nang ang pananampalatayang katoliko ay ginamit ang tinatawag nating moro-moro, dulang nakatula na ang pinaka-diwa ay ang kadakilaan ng simulain at tapang at kabutihan ng mga alagad ng pananampalatayang kristiyano laban sa mga moro.

Lumitaw ang prinsipeng kata-linuhang aleman, si John Wolfgang Goethe, at siyang sumulat ng isang tulambuhay na pinamagatang Fausto, na nababatay din sa matandang alamat ng Alemanya, nguni't binago lamang ang katapusan ni Dr. Juan Fausto na siyang buhay ng alamat; sa halip na mahulog sa kamay ng demonyo dahil sa kanyang mga pangahas na simulain at karunungan, siya'y iniakyat sa langit ng tatlong arkanghel.

Ang unang aklat na kinapapa-looban ng alamat ni Fausto, na likha ng panulat ni Goethe, ay lumabas noong 1790, at pinamagatang *Doctor Faust; Trauerspiel. Ein Fragment*. Linimbag sa Leipzig. Ito ang unang tulambuhay na sinulat ni Goethe noong 1774 nang siya'y may gulang na dalawampung taon lamang.

(Nasa pahina 21 ang karugtong)

ANG Kuwento Ni Anas

ITO ay hindi bagong tuklas, kundi isang pag-uulit na lamang sa mga tala sa pranses, ingles at kastila hinggil sa natuklasang kauna-unahang kuwento sa daigdig.

Tinatanggap ng katauhan na kung ibig mong makatuklas ng mga matatandang kasulatan ay tumungo ka sa Ehipto. Tangi sa mga Piramide, piping saksi ng maraming salin ng mga tao, ng kapangyarihan ng mga paraon at nang sibilisasyon noong panahon pa ng mga unang tao, may kulang-kulang sa apat na libung taon na ngayon, ay makikita mo rin ang maraming libingan ng mga maharlikang tao na, ang bawat isa ay isang kasaysayan na, at ang bawat isa ay isang tanging karunungan at sibilisasyon. Kung makapagsasalita lamang ang mga bato ng mga Piramide, ng mga mala-palasyong libingan ng mga paraon, na unti-unting tinalo ng hindi mapagpasubaling panahon at ngayon ay wala nang nalalabi pa kundi ang mga watak-watak na bato at mga ilan-ilang haligi na waring nakikipaglaban sa panahon.

Matangi sa mga Piramide ay wala nang malaking palatandaang natitira sa panahong ito ng kasaganaan ang kapangyarihan ng mga hari ng Ehipto. Marami pa ang mga Piramideng nakatayo, nguni't tatlo lamang ang pinakamalaki sa Gizeh, at may pamagat na Cheops, Sefren at Nicerines. Ang Cheops ay may 146 metro ang taas, at 232 naman ang lapad sa ibaba.

Hindi ang mga Piramide at ibang katangian ng Ehipto ang paksa ng maikling pagsasalaysay na ito, kundi ang kauna-unahang kuwento sa daigdig na nasusulat at hangga ngayon ay nakatago sa aklatan sa Londres.

Ipinalalagay ng mga tatlong dalubhasa tungkol sa mga bagay-bagay sa Ehipto na ang kuwentong ito ay may tatlong libu't dalawang daan taon ang gulang, at nasusulat sa isang papel na kung tawagin ay Papyro. Ang nakatuklas ay si Mrs. D'Orbiney, isang babaing mayaman na taga Inglatera. Natuklasan niya nang siya'y maglakbay sa Italya noong taong 1852, at nang siya'y magbalik sa Londres ay pinasuri niya sa mga ilang dalubhasa. Dinala niya pagkatapos sa Paris upang ipasuri kay Biskonde De Rouge, tagapangasiwa ng mga kalipunan ng mga bagay-bagay tungkol sa Ehipto sa Museo ng Paris.

Pagkatapos ng isang mahigpit pagbabagong ginawa sa nilalaman na pag-aaral, ang Papyrong dala at ayos. Madilaw na lamang ang ni Mrs. D'Orbiney ay pinasyahang papel dahil sa katagalan ng panahon ng pagkakatago. Maaaring naglalaman ng isang kuwento na makita ng isang eskriba na nagngangalang Anas, kapanahon ni hipuin sa Aklatang Britaniko.

* * *

Ano ang nilalaman ng kuwento? Basahin natin:

“May dalawang magkapatid, si Anopu at Batau. Si Anopu ay may asawa. Si Batau, bata kay Anopu, ay nakatira sa bahay nito. Isang araw, habang ang magkapatid ay bumubungkal ng lupa sa kanilang bukirin, si Anopu ay inutusan si Batau upang kunin sa kanilang bahay ang isang kagamitan sa lupa. Kinagabihan, umuwi ang dalawang magkapatid. Inabutan ni Anopu ang kanyang asawa na umiiyak at may sugat. Sinabi ng asawa na siya'y nilapastangan ng kanyang kapatid na si Batau nang ito'y umuwi upang kumuha ng isang asarol. Nagalit si Anopu at hinasa ang kanyang itak at naghanda sa pagpatay sa kanyang kapatid sa sandaling itoy' magbalik na galang sa bukid. Dumating si Batau, nguni't nang siya'y papasok na, ang isa sa kanilang baka ay nagsalita at sinabing mag-ingat ka, sapagka't papatayin ka ng iyong kapatid. Nang marinig ang salita ng baka, si Batau ay tumalilis at biglang tumakbong palayo sa kanilang bahay. Hinabol siya ni Anopu. Si Batau, habang tumatakbo ay tumatawag kay diyos Araw, si Harmachis, at sinabing: “Banal na Diyos, ikaw lamang ang nakababatid sa kasinungalingan at katotohanan. Si diyos Araw ay huminto, at nang marinig ang tawag ni Batau ay biglang ninais niya na bumuka ang lupa at isang malaking ilog ang pumagitna sa magkapatid na naghahabulan. Ang ilog ay punong buwaya. Nakatayo ang magkapatid sa magkabilang pampang aring pag-alinlanganan. Walangng ilog. Nagwika ang kapatid na

Mayroong nag-aakalang ang kuwento ni Anas ay binasa rin ni Moises, pagka't ang dalawang ito ay matalik na magkaibiganat laging nagtatanungan sa kanilang mga gawain. Sa ayos ng pagkakasulat ay walang pinag-ibhan sa Biblia, ang bawat talata ay may kanyakanyang bilang, at nabubuo sa labinsiyam na mukha. Sa dakong huli, parang paunawa ng nagsalin ng mga pangalan nina Kagabu, eskriba ng Paraon (ang unang manunulat sa panahon yaon) Horu y Meremapu, kapuwa eskriba rin (dalawa pang maningning na bituin na namumukod sa kalipunan ng mga manunulat sa panahong yaon). Utang ang pagkakasulat ng kuwentong ito kay esgriba Anas, na siyang nagtatago sa balumbon. Iligtas nawa ni diyos Thoth sa kasiraan ang lahat ng salitang nasusulat sa balumbong ito.”

Ang mga katibayan hinggil sa katandaan at katunayan ng lahat ng nilalaman at lupang pinanggalingan ng kuwento ay hindi maaaring pag-alinlanganan. Walangng ilog. Nagwika ang kapatid na

bunso: Maghintay kang muling lumitaw ang lupa at sumikat ang araw. Magtatapat ako sa iyo upang malaman mo ang katotohanan, sapagka't kailan man ay hindi kita nilapastangan. Dumating ang kinabukasan at sumikat ang araw. Wika ni Batau sa kanyang kapatid na matanda: “Bakit mo ako hinahabol at tangkang patayin gayong wala akong kasalanang nagagawa sa iyo? Pagkatapos magpaliwanag, si Anopu ay umuwi, nguni't hindi rin mapalagay, sapagka't ang balaraw ng pag-aalinlangan ay nakatarak na sa kanyang dibdib. Ang asawa ni Anopu ay hindi tapat sa kanya. Isang kasinungalingan ang kanyang paratang laban sa kanyang bayaw. Pinatay ni Anopu ang kanyang asawa at ang mga diyos Harmachis at Chnum ay nag-usap. Pinauwi nila si Batau at sinabi nilang namatay na ang asawa ng kanyang kanyang kapatid. Si Batau ay nag-asawa. Nguni't ang asawa nito ay hindi rin maaring pagkatiwalaan. Pagkatapos ng ilang panahon ay umalis ang babai at tumungo sa palasyo ng Hari at hinihingi rito na patayin ang kanyang asawang si Batau. Nang ito'y mamatay, ang balo ni Batau ay nakisama sa Hari at nagluwal ng isang anak na lalaki na itinalagang Hari ng Etiopia.”

Ang pagsasalaysay ni Anas sa kanyang kuwento ay kauri ng pangkaraniwang salaysayin sa Biblia. Maiikli ang pangungusap, at tuwina'y namamagitan ang mga diyos ng mitolohiya ng mga ehipsiyo. Ang lupa, ibong tubig, langit, mga halaman, ang araw ay binibigyan nila ng pananalita at waring nakikialam sa buhay ng mga tao.

“Sa palagay ni Mr. Brugsch, si eskriba Anas ay kapanahon ni Moises. Kagila-gilalas ang pagkaka-wangki ng pagsasalaysay ng kuwento at ang Henesis ng Biblia. Ang ayos ng pagsulat ni Moises ay katulad ng ayos ng kuwento ni Anas. Ang palagay na ang kasulatan ni Anas ay nagdaan sa matang mapanuri at pinag-ukulan ng pansin ng isipang matalino ni Moises ay hindi pinag-aalinlanganan ng mga dalubhasang ehiptologo sa Inglatera at Pransiya. Isa pang pangyayaring nagpapatibay sa palagay na si Anas ay kaibigan ni Moises ay ang pangyayaring sina Moises. Anas at Kagabu ay nag-aral sa isang paaaralan at sa isang guro lamang, at magkasabay sa isang panahon.

Ni Cirilo Bognot

I L A N G - I L A N G

Alaala Sa . . .

(*Karugtong ng nasa pahina 7*)
lilimahid na anyo, sa kaniyang pananamit na marami nang araw sa katawan, ay di ang hindi ako nahabag. Nguni't siya'y tunay na umiibig sa akin, at sa likod ng kaniyang kaayusan ay naroon ang pusong tinitibukan ng pinakamasidhing pagmamahal sa tinubuangu-lupa.

—Paano tayo ngayon?—ang aking tanong.

—Ako'y babalik, Nena, pagkatapos ng labanan, at pagkaraang mapalis na sa lupang ito ang ating mga kaaway. Umasa kang sa di magluluwat ay paririto ako upang ikaw'y kunin, Nena,—ang kaniyang pahayag.

—Hindi ka kaya makalimot. Ding?

—Makalimot? Paano kita malilimot, Nena? Hindi ba ikaw ang sa gitna ng kabundukan ay siyang tumatanglaw sa aking mga pag-sisikap? Ikaw ang nakapagparubod sa aking kalooban sa sandaling ibig ko nang magulapay sa hirap. Kung paanong hindi ko malilimot ang mga araw ko sa bundok, Nena, ay higit kitang hindi malilimot.

Sa huling gabing iyon ay niya-ya niya akong magpasyal sa tabi ng batis na noo'y bahagyang naliliwanagan ng buwan. Ibig niyang matandaan ang gabing iyon, ang kaniyang wika, samantalang kami'y banayad na naglalakad. At saka, ang kaniyang bulong sa akin, upang di ko malimot ang gabing ito, upang sa pakikipaglaban ko'y taglay-taglayin ang iyong larawang makapagpapalakas sa aking kalooban, ay may hihilingin ako sa iyo.

—Ano iyón?—ang marahan kong tanong.

Nabigla ako sa kaniyang sinabi. Iyon na ang pinakasukdulang pagsubok sa aking naipangakong pag-ibig sa kaniya. Ako'y hindi nakaimik, hindi ko namalayan kung ako'y nakahahakbang pa sa mga sandaling iyon. Nakiusap siyang muli, si Ding na ang tinig ay banayad na banayad na waring tumatagos sa kaibuturan ng aking puso.

—Pabaunan mo ako ng isang sanglang di ko maaaring malimot—ang kaniyang pithaya.

Aywan ko ba kung bakit ako'y di nagkaroon ng lakas na makatangi sa sandaling iyon; nada-ma kong kailangan niya ako, kailangan niya ako. At nalimot ko ang lahat. . .

(*Nasa pahina 19 ang karugtong*)

IBONG WALANG PUGAD

Tulambuhay ni *Iñigo Ed. Regalado*

III

*Yaong mag-asawa sa tuwa'y nagtalik
dahilán sa sanggol na kaibig-ibig,
lalo ang lalaking may bálát sa liig
at kamag-anakan ni kabisang Tales.*

*Ang lalaking yao'y masikap sa buhay,
walang basag-ulo, Lupo ang pangalan;
ang baba'y lubháng mabuti sa bahay,
uliráng asawa, Oreng ang palayaw.*

*Si Lupo'y lumaki sa isáng panahon
na ang bayan niya'y saláb sa linggaton,
hindi nililimot ang isáng kahapong
sinapot ng ulap ng palad na sahol.*

*Yaong baliw na si pilosopo Tasyo,
si Sisa, ang iná ni Crispit Basyo,
gayon din ang bantog na kapitang Tiago
ay inabot niya sa bayang San Dyego.*

*Nang magtulisán na si kabisang Tales
siláng mag-aanak ay nagsitalilis
sa kiná Sinang nga siya' nãpasampid
nanilbihan doong kain ang kapalit.*

*Yaong Marya Clarang balita sa dilág
saka si Ibarrang sa dunong nabanság
dahilán kay Sinang ay kanyáng natatap
na nag-ibigan nang masuyo't wagás.*

*Si Elyas, ang amá ng binatang Senon
ay alám din niyáng kilabot kahapon,
yaon ay lalaking hindi umuuring,
buhay ang puhunan sa mabuting layon.*

*Kaya nga't si Lupo'y masasabi nating
namulat ang isip sa madláng hilahil,
nadagi ang puso sa mga tiisin
at ngayo'y wala nang takot sa panimdim.*

*Si Oreng ay kanyáng sinuyo't minahál
bukat nang umoo sa bahay ni Sinang
yaon, nang bata pa'y doon na namuhay
at naging dalaga sa panilbihan.*

*Kaya nga, si Senday ay pinarang anak,
inaring bunga na ng kaniláng palad,
—“Dahilán kay Sinang!”—kay Oreng na saád,
—“Oo nga!”—ang ayon ng asawang liyág.*

(*Nasa pahina 19 ang karugtong*)

Nakipaglaro Sa . . .

(*Karugtong ng nasa pahina 10*)

Ricardo. Nang matapos ang awit ay walang pumalakpák. Kapagkaraka nama'y nagparingig ang orkestra ng isáng malinding tugtog. Kinuha ni Ricardo ang tanikalang gintong bigay sa kanya ni Loris ay buong pagningitngit na itinapon, at pagkatapos ay tumakbong patungo sa kinauupán kaní-kaniná ng “waitress” na iyóng umawit ng *Ay kalisud!*

Nguni't si Dolores ay wala na.

* * *

Isáng kaibigan ng nawaláng “waitress” ang nagsabi kay Ricardo na pagkatapos ng huling awit ay patakibóng lumabás iyón na hindi nilá matiyák kung humahagulhól o humáhalákhák.

—Ang babaing iyán—ang wika pa kay Ricardo,—ay isá sa mga itinabóy rito ng kapalaran; nakipaglaro siya sa panahón, nguni't matiyák ko sa inyóng siya'y malinis sa lalong malinis; sa bigláng tingin, siya'y masaya, walang kasing-saya, nguni't ang puso niya'y lumuluha, at waláng nasasabi-sabi sa aming magkakasama kundi isáng pangalan lamang: Ricardo!

Nagdilim halos ang matá ng binata. Ipinihit ang mga paa at nagbalik sa dakong pinanggalingan. Ang tanikalang itinapon ay hinanap.

Nang hindi makita ay umiyák na parang bata.

—◀◦▶—

Nalagas . . .

(*Karugtong ng nasa pahina 11*)

Matagal na hindi kumibo si Gloria. Nang magsalita ay nangangatal ang kanyang tinig.

—Paano ba ang gagawin ko ngayon?

—Bakit?

Umiyak na muli si Gloria.

—Naku, sabihin mo sa akin. . . wala na si Fred. . . paano ang gagawin ko?

—Bakit nga?

—Iinom na kaya ako ng lason. naku, sabihin mo sa akin. . .

Nagsasalita siyang tila wala sa sariling bait.

Naunawaan ko ang nais niyang sabihin. Nanlamig din ako nang madama kong nauunawaan ko na siya. Nguni't wala akong mada mang kalutasan, maging sa aking puso.

ANG ASAWA NG "DIYOS NG ARAW"

Noong unang panahon, ang ating daigdig ay ginágalawán ng mga malikmata, mga anito, mga engkanto, at ng mga diyos na may mga kapangyarihang di tagláy ng karaniwang nilikha. Mayroong diyos ng hangin, ng dagat, ng bundok, ng kidlát, at ng ibá-ibá pa; mayroon din namáng diyosa ng mga bulaklák, ng batis, ng pag-ibig; subali, ang pinakamakapangyarihan sa lahat ay ang Diyos ng Araw. Ang kanyáng kaharian ay nasa kalangitán, doon sa himpapawid. Siyá ay isang napakakisig na lalaki, matipuno ang pangangatawán, malakás ang mga bisig, ang buhok ay kulay-ginto at ang mga matá niyá ay malinaw na bug-haw.

Ang Diyos ng Araw ay lumilibot sa daigdig na lulan ng isáng karwaheng ginto na hinihila ng apat na kabayong puti na may mga pakpák. Kung minsan siyá ay bumábaba sa lupa at dinádalaw ang kanyáng mga alagád; tinitingnán niyá kung ang bawa't isá sa kanilá ay tumutupád ng kani-kaniláng tungkulin.

Isáng araw, samantalang ang Diyos ng Araw ay naglililiwaliw sa ibabaw ng mga ulap, ay kanyáng nákita sa kalupaan ang Prinsesa ng mga Bulaklák na nag-iisá sa kanyáng magandang hálamán. Mabilis na pinaltik ang mga kabayong humihila sa kanyáng karwaheng ginto, at ang mga yaon ay dali-daling bumaba at dinalá siyá sa malapit sa kinatátayuan ng Prinsesa. Ang Diyos ng Araw ay namangha pagkatapos niyáng makababa at mákita sa malapitan ang Prinsesa, sapagká't ang kanyáng nákaharáp ay isáng diwatang ang iwing gándá ay parang sumisilaw sa kanyáng mga matá. Noon din ay náramdamán niyáng bigláng umusbong sa loob ng kanyáng dibdib ang isáng paghangang waláng katulad. Kanyáng násamyo ang bangong ipinápádpád ng hangin at sa sandaling yaon ay di niyá mapagwari kung yaon ay nagbuhat sa mga bulaklák o sa masanghayang Prinsesa.

Naligalig ang puso ng Diyos ng Araw—sa sarili ay kanyáng natiyák na hindi siyá mátatahimik

Ang paglubog ng araw sa kabila ng Luok ng Maynila ay isáng napakagandang tanawin. Bakit? Iyán ang hiwagang nililiwanag ng alamát na itó.

hanggáng hindi niyá náipagsása—ma ang Prinsesa sa kanyáng kaharian sa himpapawid, upang doon ay magsalo silá sa kaligayahan. Ang Prinsesa ay magiging tangláy sa kanyáng buhay upang sa kalawakan ng himpapawid ay hindi siyá makádamá ng kapanglawán at pag-iisá.

Di kaginsa-ginsa'y dumating ang Diyosa ng mga Bulaklák, ang butihing iná ng Prinsesa, na sa pagkakita sa Diyos ng Araw ay yumukod at nagbigáy-galang. Nápansin ng Diyosa ang tinging maamo ng Diyos ng Araw sa kanyáng anak, at siyá'y parang kinabahán. Mahál na mahál sa kaniyá ang Prinsesa na siyáng tanging hiyás at ligaya sa kanyáng buhay. Siyá'y pinukaw sa pagmumuni-muni nang maringig niyá ang tinig ng Diyos ng Araw. "Maging kalabisan kaya kung hilingin ko sa inyo ngayon din ang kamáy ng mutya ninyong Prinsesa? Asahan ninyong siyá ay aking paliligayahin at dudulutan ng lahat ng aliw," ang wika ng Diyos ng Araw. Ang Diyos ng mga Bulaklák ay hindi makatanggi—katumbás na rin yaon ng isáng utos. At pagkalipas pa ng iláng sandali, ang mag-iná ay malungkot na naghiwaláy. Ang Prinsesa, palibhasa'y maluwát na ring humahanga sa kakisigan ng Diyos ng Araw, ay malugod na sumakáy sa karwaheng ginto na kapiling ng kanyáng kaisáng-palad. Di nagluwát at siláng dalawá'y inihatid sa kaniláng kaharian sa himpapawid, sa ibabaw ng mga ulap.

Simula noon ay naging lubos na maligaya ang Diyos ng Araw sa piling ng kanyáng asawa, ang Prinsesa ng mga Bulaklák. Laging maliwanag ang daigdig, at ang lahat ng nanánahanan sa lupa ay panatag at masayá. Maging ang Diyosa ng mga Bulaklák ay naparaman ng lungkot sa

pagkawalay ng kanyáng tanging minámahál nang kanyáng mamalas na ang mga bulaklák ay makukulay at masisiglang wawagá-wagaywáy sa liwanag.

Tuwáng-tuwa ang Diyos ng Araw sa kanyáng kapilas ng buhay—bawa't ngiti, bawa't katagang bigkasin nito ay sapát na upang magdulot sa kanyáng puso ng masidhing kagalakan. Magkapiling siláng lagi sa kaniláng karwaheng ginto na lumilibot sa himpapawid, at may pagmamaringal na ipinakikita ng Diyos ng Araw sa kanyáng asawa ang nasasakop ng kanyáng kaharian.

Isáng araw, siláng dalawá'y masayang naglalaro at naghábulán sa ibabaw ng mga ulap na tulad ng mga musmos. Napuno ang himpapawid ng kaniláng mga halakhák. Datapwa, sa siglá ng kaniláng pagkakatukaan, hindi namamalayan ng Prinsesa na siyá paláy dumáausdos sa likod ng isáng bahághari, at nang kanyáng mápansin yaon ay huli na: siyá ay nahulog sa dagat! Ang dagat ay maliksing pumulupot sa kanyáng malambot na katawán at siyá'y dinalá sa kailaliman. Ang Diyos ng Araw ay hindi man lamang nakasigaw; halos magputok ang kanyáng dibdib nang mamalas na lamang at sukat na ang kanyáng pinakamámahál na asawa ay nilálaru-laru ng malupit at waláng-awang dagat!

Naghinagpis ang Diyos ng Araw. Niyang niyá ang daigdig ng mga lindol ng kanyáng pighati, at binayo pa ng mga kulog ng kanyáng himutok. Ang mundo ay binalot ng dilim... at ang lungkot ay kumalat sa ibabaw ng lupa.

Ang katawán ng asawa ng Diyos ng Araw ay ipinadpád ng hanging timug-kanluran sa Luok ng Maynila, sa dakong Kabite. Nang muling lumabás ang Diyos ng Araw mula sa kanyáng pag-

luluxsa, ay námalas niyá ang katawán ng kanyáng asawa na lutang-lutang sa ibabaw ng dagat. Sa tindi ng dalamhati sa nagsisikip niyáng dibdib, ay kanyáng ginawang bato ang katawáng yaon na wala nang buhay.

At hanggáng sa panahong ito, maáari nating mákita ang katawán ng asawa ng Diyos ng Araw na naging bato. Kung takip-silim, buhat sa Luneta ay ihagis ang ating masid sa mga bulubunduking nasa kabila ng dagat sa likuran ng Kabite, at ating mápansin ang anyo ng isáng babang hubád na nakahiga at nakatingin sa papawirin, ang buhok ay nakalugay na patungong hilaga, at ang kanyáng mga kamáy ay nakahahukipkip sa tapát ng kanyáng tiyán, at waring nahihimbing.

Hanggáng sa sandaling ito ay minámahál pa rin ng Diyos ng Araw ang kanyáng mutya na siyá nang bahagi ng mga bulubundukin ng Kabite. Ang Diyos ng Araw ay maagang umáalis sa kanyáng himlayan upang tingnán kung nároon pa rin sa dating pook ang kanyáng sintá. At kung oras na ng kanyáng paglisan ay tila bantulot pa siyáng lumulubog sa kabila ng dagat, sapagká't ibig niyáng mapagya-man sa paningin ang nakahimláy na anyo ng dati niyáng ligaya. At ang silahis na naguguhit sa pisngi ng langit kung takip-silim ay kinukulayan ng kanyáng mapoy na damdaming hanggá ngayon ay hindi pa rin namámatáy. Tunay na katangi-tangi ang paglubog ng araw sa Luok ng Maynila, na siyáng pook na lalong malapit sa puso ng Diyos ng Araw—sapagká't ang tubig nito ay laging humáhalik sa paanan ng kanyáng asawang naging bato.

Waláng kamatayan ang pag-samba ng Diyos ng Araw sa kanyáng mutya, at sa araw-araw ay hindi nagbabawa ang tindi ng kanyáng mga silahis kung hágkán ang anyong yaon na wari bang sa tuwina'y kanyáng pini-pintuho.

—G. P.

Ang Kamay . . .

(Karugtong ng nasa pahina 8)

siyá at iyo'y isá lamang sa mga kasama sa bahay ay ipinikit na mulí ang mga matá upang makatulong. Waláng anú-anó ay nakaulinig siyá ng isáng tinig na nagsabi sa wikang kastila ng salitang *iros*. Nang siya'y dumilat ay nakita niyang ang natatalukbungán ng puti ay nakaluhód sa paanán ng Sagrado Corazon de Jesus na nasa kaniláng altar o dambana. Nagkulubóng siyá ng kumot.

Kinaumagahan ay ibinalita ni Ofelia ang nangyari namán sa kanya nang hatingsabí ring yaón. Natutulog din siyá noon nang ang bata ay umingit. Nang idilat daw ni Ofy ang kanyang mga matá ay nakitang ang kanyang kulambo ay umaangat ng wala namáng kamáy na nag-aangat. Hindi niyá pinansín at ipinaghele ang bata. Waláng anú-anó ay náringig din niyá ang isang tinig na nagsabi ng *iros*, katulad ng sinabi rin kay Lucy ng nakatalukbóng ng puti.

(Ang *iros* ay salitáng kastila na ang ibig sabihin sa tagalog ay magsialís kayó.)

Nabuo sa akala ng dalawang magkapatíd na marahil ay "dinalaw lamang silá ng kalulwa ng kaniláng mahal na iná", kaya't ang kaniláng pinagkayarian ay ipagdasál nilá at ipagpamisa.

Ngayóng mangyari na ang lahat ng nangyari ay saka pa lamang nabuo ang paniwala ni Lucy na sila'y talagáng dinalaw ng kalulwa ng kanilang mahál na iná at pinaáalis sa pook na kaniláng tirahan sapagka't may malungkot na mangyayari.

Ang malungkot na kinasapitan ng magkapatíd na Pamintuan ay lalo pang pinalungkót ng kapahamakáng nangyari kamakailán lamang sa kaniláng kapatíd na pari, si P. Jose Pamintuan, kura sa purok ng Sampalok na nasagasaan ng isáng "jeep" sa daang M. Earnshaw. Si P. Pamintuan ay namatáy noon din at ang nagpapatákbó ng "jeep" ay di man lamang tumigil upang saklolohan ang paring nasagasaan.

* * *

Ang isá pa sa mga sinawi ng kalupitán ng mga kaaway sa ibayo ng ilog, sa Ermita, ay si koronel Telesforo Martinez ng hukbong pilipino. Itó noon, kasama ng kanyang anak at ng isá pa ring koronel ng hukbo natin sa Mindanaw, si koronel Angeles, ay nagkakanlóng sa kaniláng "shelter" sapagka't nagsalá-salabat ang pun-

IBONG WALANG PUGAD

(Karugtong ng nasa pahina 17)

At nitong si Senday ay maging dalaga silá ang nágisingáng amát iná niyá si Sinang ay manong minsan ma'y nákita at ni sa gunita ay hindi kilalá.

Palibhasa'y bugtong ng dating butihin, butihin din namán, mabini't mahinhin, kayá't ang dalaga ay halos sambahin ng amáng si Lupo't ng ináng si Oreng.

At si Senday namá'y waláng sinasakit kundi ang maglingkod ng buong pag-ibig, pagkáumaga na'y sasalok ng tubig, pagbalik sa bahay, linis pa ng linis.

Anupát ang buhay niláng mag-aanak ay di náliilihis sa guhit ng palad kayá't ang kasyahá'y siyáng namumugad sa kaniláng dampang laging mapanatag.

(Itutuloy)

long humahaging. Ang bahay nilá ay inakyát upang dakpin si koronel Martinez na pinaghihinalang may kinalamán sa mga lihim na kilusán. Nang waláng nátagpuang tao sa bahay, ang ginawa'y hinagisan ng "hand grenade" ang "shelter" na pinangungublihan ng dalawang koronel na nangamatáy noon din.

Si koronel Martinez ay kabilang sa mga namayani sa Bataan at sa mga naghirap sa Kapas. Nitóng panahón ng *Repúblika* sa ilalim ng pamamatuubay ng *Pangulong Jose P. Laurel* ay itinalagá siyá sa Malakanyang upang maging katulong ni heneral Capinpin na noo'y tagapayo o *adviser* ng Pangulo sa lahat ng bagay o suliraning may kinalamán sa hukbo. Sa Malakanyang, si koronel Martinez ay kabilang sa pulutóng ng mahalagáng taong may nalalaman sa mga lihim na kilusán. Nang mga hulíng araw ng *Repúblika* ay pinakiusapan ng *Alkalde Guinto* ng Maynila ang *Pangulong Laurel* upang si koronel Martinez ay ita-lagá sa Siti-Hol sa pagtatátág ng hukbong kung tawagin ay "home guard". Bagamán nakatalagá na si koronel Martinez sa Siti-Hol ay lagi siyáng nagtutungo sa Malakanyang upang makipulong at makipagsanggunián sa mga dati niyang kasama.

Ang inasám-asám ni koronel Martinez na ayon sa kanya'y *luwalhating araw ng ating katubusan*, dahil sa kabuhungán ng mga hapón, ay di man lamang nipagka't naglalá-salabat ang pun-

Siya'y namatay na kayakap-ya-kap ang bandila ng malilinis na simulaín ng Demokrasya.

* * *

Magalang na pinararating namin sa mga giliw na mambabasa na may natitipon na kamíng ulat na nauukol sa nakapanlulumáy na nangyari sa mga pook ng Pako, Ermita, Maalat at Intramuros o loob ng Maynila. Ang unang lathala namin ukol sa mga nangyari doon ay pinamagatáng *Sa Kabila ng Ilog* na lumabás sa unang bilang nitóng ILANG-ILANG, ang ikalawa'y pinamagatán namáng *Mga Sinawi ng Kapalaran* at lumabás sa sinundang bilang nitó. Ang mga lathalang itó, na siyang pangatlo, ay inuluhan namán ng *Ang Kamáy ng Tadhana*. Sa susunod na bilang namin ay abangán ninyo ang *Sa Kukó ng mga Gamid* na pinakakarugtong ng mga lathalang nasabi na kábabasahan ng iba't iba pang nakanpanggingilabot na mga pangyayari.

Alaala Sa . . .

(Karugtong ng nasa pahina 17)

Ibang-iba si Ding nang siya'y magpaalam sa akin; waring naragdagan ang sigla ng kaniyang katawan at natiyak kong sa pagtungo niya sa larangan ay hindi siya maaaring mamatay, alang-alang sa taglay niyang sanglang magpapagunitang may naghihintay sa kaniya sa nayon ng Matalahib. . .

MALUWAT nang nagbalik ang mga amerikano sa Pilipinas. Sa kabayanan ay wala na ang garlison ng mga hapon. Nabalitaan na rin namin ang pagsuko ng Hapon. Tahimik na sa kabayanan—malimit na kaming magtungo ron sapagka't wala nang hapong yuyukuran sa daan.

Nguni't si Ding ay hindi ko pa nakikitang muli. Hindi na yata siya magbabalik. Namatay kaya siya? Walang makapagsasabi sa akin sapagka't ang nayon ng Matalahib ay nasa paanan ng bundok at maluwat nang nangagstalisian ang mga gerilya—sila'y nasa kabayanan nang lahat. At sa paglipas ng mga araw ay nadarama kong si Ding ay hindi na magbabalik sa nayon ng Matalahib.

At ngayon ay Araw ng mga Yumao.

At may nagugunita ako—ang aking pag-ibig.

At ang aking pag-ibig ay may puntod sa kaibuturan ng aking puso—ang puntod ng isang pag-ibig na pinagmalupitan ng tadhana o ng kapwa. Alin man sa dalawa ay di makababago sa katotohanan si Ding ay hindi na magbabalik sa akin.

Kaya sa Araw ng mga Yumao ay tatanglawan ko ang kaibuturan ng aking puso.

At harinawa'y wala na ang puntod na iyon—sapagka't pinawi na ng paglimot na siyang nananahanan sa aking puso.

WAKAS

Manila Blue Printing Co. Inc.

ARLEGUI, PANULUKAN NG GUNAW

Tuwirang Importador

Nagtitinda ng mga kagamitan at Kasangkapan ng
Tanggapan at Lahat ng Uri ng mga
Inaangkat na Kagamitan

Gumagawa ng "White Print" at "Blue Print"

PAMPAARALAN

UNANG ARALIN

Ang, Si

Ang mag-anak ay sa bukid nakatirá. Ang bahay nilá ay maliit. Ang bukid nilá ay malakí. Ang amá ay si Mang Liloy. Ang iná ay si Aling Poleng. Ang anak na lalaki ay si Ben. Ang anak na babae ay si Nena.

Si Mang Liloy ay magsasaka. Si Ben ay katulong ng amá. Si Nena ay katulong ng iná. Ang iná at ang amá ay masisipag. Si Ben at si Nena ay masisipag din. Ang mag-anak ay masayá.

Pagsasanay

Lagyan ng *ang* o *si* ang bawa't patlang.

- | | |
|--------------------|----------------------|
| 1. — amá | 6. — bahay |
| 2. — Mang Liloy | 7. — bukid |
| 3. — anak na babae | 8. — iná |
| 4. — Ben | 9. — Aling Poleng |
| 5. — Nena | 10. — anak na lalaki |

(Ang *si* ay pantukoy sa ngalan-*tao* at ang *ang* ay pantukoy sa ngalang-*bagay*. Ang *ang* at *si* ay tumutukoy sa simunò (subject) ng pangungusap (sentence).)

IKA-2 ARALIN

Ng, Ni

Ang kalabáw ni Mang Liloy ay malakí. Ang mga sungay ng kalabáw ay mahabá. Ang buntót ng kalabáw ay mahabá rin.

Ang kambíng ni Ben ay maliít pa. Ang kulay ng kambíng ay itím at puti.

Ang aso ni Nena ay matapang. Bagsík ang ngalan ng aso. Ang kulay ng aso ay puti. Ang buntót ng aso ay putól.

Ang pusá ni Aling Poleng ay masipag. Ming ang ngalan ng pusá. Ang kulay ng pusá ay itím.

Pagsasanay

Lagyan ng *ng* o *ni* ang bawa't patlang.

1. Ang kalabáw — Mang Liloy ay malakí.
2. Ang kambíng — Ben ay maliít.
3. Ang pusá — Aling Poleng ay si Ming.
4. Ang aso — Nena ay matapang.
5. Ang buntót — kalabáw ay mahabá.
6. Ang kulay — pusá ay itím.
7. Ang ngalan — aso ay Bagsík.
8. Ang mga sungay — kalabáw ay mahabá.
9. Ang ngalan — pusá ay Ming.
10. Ang kulay — aso ay puti at itím.

(Ang *ni* ay pantukoy sa ngalang-*tao* at ang *ng* ay pantukoy sa ngalang-*bagay*. Ang *ni* at *ng* at tumutukoy sa may-ari ng bagay na binábanggít sa pangungusap).

Gamitin sa pangungusap ang bawa't isá sa mga parirala (phrases).

Pagsubok

(Test)

Sabihin ang pantukoy sa loób ng panaklóng na nara-rapat sa pangungusap:

1. (Ang, Ng, Ni) bahay ay nasa-bukid.
2. (Si, Ang, Ng) Mang Liloy ay taong masipag.
3. Ang — tanim (niná, siná, ng mga) batà ay gulay.
4. Ang bulaklák (ng, ni, si) rosál ay mabangó.
5. (Ang, Si, Ni) Ming ay pusang itím.
6. (Ang mga, ng mga, niná) mais ay magugulang na.
7. (Si, Ni, Ang) anak na lalaki ay katulong ng amá.
8. Ang mga hayop (siná, ng mga, niná) Ben ay mata-batá.
9. (Ang, Si, Ni) Bagsík ay bantáy sa bahay.
10. (Ang, Ng, Si) bahay ay nasa-bukid.
11. Si Mang Liloy ay nagtaním (ng mga, ang mga niná) gulay.

Pitak ni ANTONIA F. VILLANUEVA
Guro sa Wikang Pambansa sa Pamantasan ng Sto. Tomas

12. Siná Aling Poleng ay pumitás (ng mga, ang mga, siná) kamatis.

13. Ang mga sungay (ng, ang, si) kalabáw ay mahabá.

14. (Si, Ni, Ang) kambíng (ni, ng, si) Ben ay maliít pa.

15. (Ang, Ng, Ni) bakuran (niná, ng mga, siná) Ben ay malakí.

16. (Ang mga, Ng mga, Niná) sampagita (ni, si, ng) Aling Poleng ay may (mga, ng, si) bulaklák na.

Basahin ang kuwentong itó:

Si Matá, Si Kamáy at Si Tiyán.

Isáng araw si Matá at si Kamáy ay nag-usap. Ang sabi ni Kamáy, "Matá, naririnig mo ba akó?"

"Oo," ang sagót ni Matá.

"Ikáw ba'y hindi napapagod?" ang tanóng ni Kamáy.

"Anó bang hindi, pagód na pagód na ngá akó," ang sabi ni Matá.

"Akó man ay pagód na pagód na rin," ang sabi ni Kamáy. "Tayo ay gawá na lamang nang gawá. Mabuti pa si Tiyán. Walá siyang gáwain."

"Oo, ngá. Kaawa-awá namán tayo. Tayo na lamang ang gawá nang gawá. Akó ay tingin na lamang nang tingin," ang wiká ni Matá.

"Talagáng kaawa-awá tayo. Akó ay kilos na lamang ng kilos. Talagáng pagód na pagód na akó," ang wiká ni Kamáy.

"Anó, ibig mo, huwág na tayong gumawá, ang sabi ni Matá. "Pipikit akó at ikáw namán ay huwág kumilos."

"Ikáw, e. Hala, hindi na akó kikiilos at ikáw ay pumikit na," ang wiká ni Kamáy.

"Halá, kayó," ang sabád ni Tiyán. "Baká kayó kung mapaano."

Parang si Tiyán ay hindi nárinig ni Kamáy at ni Matá. Si Matá ay nakapikit na at si Kamáy namán ay hindi na kumikiilos.

Nakaraán ang isáng araw. Nakaraán pa ang ikalawang araw. Si Kamáy ay hindi makakilos. Siyá ay mahinà na.

"Matá, Matá," ang tawag ni Kamáy. "Buháy ka pa ba?"

Si Matá ay hindi halos makadilat. Siyá ay mahinà na rin.

"Oo," ang mahinà niyang sagót. "Kamáy, mamámatáy yata akó."

"Anó, hindi ba't sinabi kong baká kayó kung mapaano!" ang sabád ni Tiyán. Kapwá ngá kayó mamámatáy kapág hindi kayó gumawá.

"Matá, Matá," ang tawag ni Kamáy. "Dumilat ka na. Akó ay kikiilos na."

"Hala, bigyán ninyó si Bibíg ng pagkain," ang utos ni Tiyán.

Si Matá ay dumilat na at si Kamáy ay kumilos nang dahan-dahan. Si Bibíg ay sinubuan na ni Kamáy ng pagkain. Tinanggáp namán ni Tiyán ang pagkain. Si Kamáy namán at si Matá ay unti-unti namang lumakás.

"Akó, ay lagi nang gágawá," ang sabi ni Kamáy.

"Ako rin," ang wiká ni Matá.

"Mabuti at natuto kayó," ang sabád ni Tiyán.

Sagutin ang sumusunód na mga tanóng:

1. Bakit ayaw gumawá si Kamáy at si Matá?

2. Anó ang ginágawá ni Tiyán?

3. Anó ang ginawá ni Kamáy?

4. Anó ang ginawá ni Matá?

5. Anó ang nangyari pagkaraán ng dalawang araw.

6. Anó ang natutuhan ni Kamáy at ni Matá?

(Itutuloy)

Ang Kuros Na . . .

(Karugtong ng nasa pahina 4)

buo ang loob at matatag sa kanyang pasiya. Dahil dito ay bu-muo ng isang pangwakas na aka-la at ito ay ang pagsusulong sa mga hapon na ang ama ng dalaga ay isang kaalam ng mga gerilya at sapagkat isang tiktik na kinikilala ay pinaniwalaan siya agad. Ang ama ni Virginia ay dinakip, pinahirapan, ikinulong, at nang hindi pa rin umamin sa ibinubuhay na kasalanan ay pinatay sa kabundukan. At pagkatapos noon, nang wala pa ring magawa si Ricardo kay Virginia, sa pamamagitan din ng kanyang pakikipagmatalikan sa mga buhong na hapon, ang dalaga naman ang dinakip at dinala sa kabundukan ng pinagpatay sa ama nito. At doon, sa pamamagitan ng lakas at pagbabanta ay hindi tumugot hanggang sa di maigupo at malapastangan ang kabana-lan ng pagkababae ni Virginia; pinalagda pa rin ni Ricardo ang dalaga upang ang ilang bahagi ng mga pag-aari nito ay mapalipat sa kanya, anupat sa lahat ng katampalasan at kasama-ang magagawa ng isang tao, ang inasal na yaon ni Ricardo ay wala nang katulad.

Isang gabi sa loob din ng kasukalang yaon na kinalalagyan ni Virginia at ni Ricardo na kasama ng mga sundalong hapon ay radinig na lamang nila at sukat ang sunud-sunod na putok na isa-isang ikinamamatay ng mga buhong na hapon. Si Ricardo ay humawak din ng baril at nakidigma sa piling ng kanyang mga kasama. Nang sila'y wala nang magawa at nakikini-kinitang patungo na sila sa pagkaubos ay nakaisip ng isa pang lalong kabuhungán, ang patayin si Virginia yamang ito ang nagbunsod sa kanya ng pagkakapatungo sa pook na yaon. Ang babae ay kanyang iginapos sa punung-kahoy at pagkatapos ay tumawag ng

isang sundalo upang siyang bu-maril, subalit nang sandaling isasagawa na lamang ito ay siyang pagdating ng isang gerilya na umulos ng patalim sa babaril na ikinamatay nito agad at pagkatapos ay pinaputukan ang buhong na si Ricardo na noon di'y naghingalo. Lumapit sa nakagapos na babai upang ito ay kalagan, nguni't di pa natatapos na gawin ay isang ligaw na punlo ang sumawi sa matapang na kawal.

Nang magsirating ang mga tapat na kawal ng bayan at makalagan ng gapos si Virginia ay nilapitan nito ang kanyang tagapagligtas na nakalugmok na siyang pinuno ng mga gerilya, at gayon na lamang ang kanyang pagtataká nang makilalang si Raul ang lalaking yaon. Ang sugatan ay hindi pa patay, may kaunti pang hiningang nalalabi kayat nang idilat ang mga mata nito at makitang si Virginia ang may kalong sa kanya ay napangiti sa gitna ng mahapding kirot na likha ng kanyang sugat at ang nasabi:

—Virginia, kay-palad ko sa mga sandaling ito, sapagkat ako'y mamamatay na nakikita kita, salamat sa iyo sa pagpapahalaga mong ito!—At pagkawika ay pamuling pumikit upang huwag nang dumilat kailan man. Natupad niya ang salitang ang pangalan ni Virginia ang kahuli-hulihang tatawagin sa sandali ng kanyang kamatayan.

Sa harap ng gayong malungkot na pangyayari si Virginia ay lumuluhang niyakap ang bangkay ni Raul, hinagkan ng maraming ulit at siya'y nagsisi sa kanyang kabaliwang nagawa.

At, noong pista ng mga patay sa isang ulilang puntod na kinalalagyan ng isang kurus na puti ay naroroon si Virginiang mata-

Ang Buhay . . .

(Karugtong ng nasa pahina 15)

Margarita! Kay-gandang pangitain! Isang larawan ng dalagang malinis ang budhi at puso at isinilang sa kabukiran ng Alemanya, mapagmahal, paniwalain. Umibig, na isang pag-ibig na marangal at taimtim sa puso, kay Fausto. Ito naman ay lalong nagsikap sa pagtuklas ng karunungan at pinabayaang pumailanlang ang kanyang isipan sa langit ng bagong diwa at bagong karunungan upang idulot ang lahat sa kanyang minamahal na Margarita.

Ang Fausto ni Goethe ay kaiba sa maraming Fausto ng Alemanya noong unang panahon. Ang mga unang Fausto ng isang daan at dalawampu't pitong manunulat ay pangahas, walang panangutanan at nahulog sa impiyerno; ang Fausto ni Goethe ay matalino, pangahas nguni't may kakayahang (mistulang larawan ng mga mamamayan sa Alemanya) at hindi nahulog sa impiyerno bagama't sumuway sa katuruan ng Roma. At ang tampok ng alamat na sinulat ni Goethe ay ang larawan ng dalawang alemana: masunurin, maganda, marangal at tapat sa pagmamahal.

(Ang pinagkunan ng mga talu ay ang mga sumusunod: *Historie von D. Johann Fausten; Warhafftige Historie ni Widmann; Biblioteca Universal; Biblioteca Internacional; Popular Encyclopedia; K. J. Scher: Faust Von Goethe; Madame Stael: De l'Allemagne; Baron Blaze de Bury: Essai sur Goethe et le second Faust; D. Guillermo English: El Fausto.*)

intim na ipinagdarasal ang káluluwa ng binatang labis niyang pinakaapi na ngayo'y walang kapantay sa kagitingan ng kanyang pagpapahalaga.

Ang "Papel-de . . .

(Karugtong ng nasa pahina 14)

lilimampuing sentimos, pipisuhin, lilimahin, sasampuni, lilimampuin, sasandaanin at lilimandaanin piso. Anong gaganda ng pagkakaguhit at anong dirikit ng di-masasagwang kulay na ginamit! At upang mapatunayan, nang walang munti mang pag-aalinlangan, na ang mga salaping-papel na itong palalabasín ng Central Bank ay talagang "sa Pilipino at para sa Pilipino", ay di lamang nagtaglay halos lahat ng larawan ni Rizal, kundi ginamitan pa ng panay na mga salitang tagalog, na pinaraan pa't ipinawasto sa Surian ng Wikang Pambansa, bago ipinadalá sa limbagang pinagti-tiwalaang gumawa. Ang pinagpadalang limbagan ay sa Tokyo rin at hindi rito; nguni, sapul noon, na nakapangalahati na ang taong 1944, ay hindi na napabalik, at munti mang balita sa nangyari, ay wala nang natanggap dito, hanggang datnan ang "Republikang" iyón at ang Hukbong Haponés na kinásasandigan niya ng kalagim-lagim na babalang . . . "Oras Mo Na!"

Sa lipu-lipunán ng matataas na taumpamahalaan noon, ay nagkapanahon kamíng makarinig ng ilang pahiwatig tungkol sa mga dahilán ng di-pagkatuloy ng Central Bank at tungkol sa pagkabigo ng nakahanda nang limbaging mga salaping-papel na talaga nang pilipino. Kaipala, ang mga pangyayaring aming nahiwatigan ay makatutulong nang malaki sa paglilimi at paglinaw ng karapatan ng Pilipinas na makasingil sa Hapon ng mga katumbas na halaga ng mga nawalan ng halagang daan-daang angaw na pisong ipinagpilitan niya ritong gugulin, sa pamamagitan ng nangásabing *papel-de-hapón*.

Sumama sa malaking Lupon ng mga Pinunong Pilipinong nagsadya sa Tokyo ang noo'y Kagawad sa Pananalapi ng Pilipinas. At sa mga taglay niyang layunin sa pagdulog sa ilang matataas na tanggapa't pinuno roong may-kagnayan sa mga suliranin ng pananalapi, ay kabilang ang mga sumusunod:

1. Kung gaano ang kikilanlin ng dalawang pamahalaan na tumbasang halaga ng PISO ng Pilipinas at YEN ng Hapón.

(Tatapusin)

ABANGAN ANG—
SALIN SA TAGALOG NG

**And Now Comes
Roxas**

Na simulat ni

FELIXBERTO G. BUSTOS
(Kabalitaang Pilipino sa Digma)
Aklat na kababasahan ng mga kilos at gawain ni Hen. Roxas sa panahon ng mga hapon.

CENTURY ART CO., INC.

624 R. Regente

445-447 Misericordia

Outdoor Advertising

Electrical Contractors

BILLBOARDS

INDIRECT LIGHTING

SIGNS

DISPLAY LIGHTING

POSTERS

Dalawang Katatawanan

SINUNGALING ANG SALAMIN

Si Teryo at si Terya ay dalawang magkaibigan, hindi magnoby. Isang araw ay magkasamang nagpapasyal ang dalawa. May naraanang isang tintera na may mukhang kaakit-akit at bawát makatingin ay nahahalina. Isa sa mga nahalina ay si Teryo.

—Kay ganda-ganda ng dalagang iyan—ang wika ng binata.

Si Terya, na isang dalagang ayaw makaringig ng mga salitang pumupuri sa kagandahan ng ibang babai ay lumabi.

—Pse!—anya,—kundanga'y de salamin ka.

—O, e ano kung ako'y de salamin?

—At di mo ba nalalamang lahat ng salamin ay sinungaling?

Walang ano-ano ay nakasalubong ang dalawa ng dalawang kaibigan binata na kapuwa rin de salamin.

—Naku, Teryo, kay palad mo!—ang wika ng isa.

—At bakit?—tanong ni Teryo—Pagkaganda-ganda ng kapartner mo.

Si Teryo ay napatingin kay Terya.

—Oo, pagkaganda-ganda...

—Hindi ba maaring alisin mo muna ang iyong salamin bago ka magsalita?

—Hu!—ang paismid ni Terya.

—«o»—

PABALIGTAD NA PAGBASA

Ito'y nangyari noong naririto pa ang mga hapon.

At nangyari sa isang trambiya. Nagbabasa noon ang isang lalaking may matikas na tindig at di mo sasabihing hindi marunong bumasa. Ang tinutunghayan ay "Taliba", tanging pahayagang tagalog na pangaraw-araw at nasa ilalim ng kapangyarihan ng mga hapon. Napansin ng mga katabi na ang pagkakahawak sa pahayagan ay pabaligtad, patumbalik, nlo ang nasa ibaba at paa ang nasa itaas.

Isang kaibigan ang lumapit.
—Hoy, pinagtatawanan ka ng lahat—ang wika.—hindi ka raw marunong bumasa ay naghahambog ka sa harap ng marami; ibig mo raw lamang masabing marunong ka ngang bumasa.

—At bakit?—itinanong.
—Pabaligtad daw ang hawak mo sa peryodiko...

—At di ba nila nalalamang ganitong talaga kung basahin ngayon ang alin mang peryodiko ng TVT?

—Aba! at bakit?
—Sapagka't ang kahulugan ng lahat ng sinasabi ay kailangang haligtarin!

Mga Salitang Magkakasingkahulugan

Abáng
(abat, bakay, pukoy, habát)

Ang salitang *abáng* ay siyang ginagamit kung ang isa'y naghihintay sa sinumáng ibig na makita o makatagpo.

Kung ang paghihintáy ay ginagawa ng pasubók sa isáng tiyák na pagdaraan, *abat*.

Kung ginagawa narrán ng nagpapalakad-lakad na wari'y nakikiramdam sa isáng pook o isáng bahay na inaakalang kinaroroonan ng ibig makita o makatagpo, *bakay*.

Ang *pukoy* ay hindi gamitng salita sa Maynila; iyá'y salitang lalawigan ng ginagamit sa pag-aabáng sa sinumáng ibig na mahuli.

Habát ang ginagamit kung ang sinumáng nais na madakip o makatagpo ay pasalubóng na aabangán sa isáng tiyák na pagdaraan.

Dito natin silá *abangán*.
Diyán mo *abatan* ang masamang taong iyon at tiyák na mahuhuli mo.

Sino ba o anó ba ang *binabakayan* mo sa pook naming itó at lagi na kitáng nakikita kung ganitóng oras?

Kung hindi sa Ilaya nilá *pinukoy* ay hindi nila mahuhuli si Manuel.

Hinahabol nilá roon ang magnanakaw, *habatín* natin dito.

Abay
(sama, akbay, akay)

Ang pinakasaligáng salita ng *abay*, *akbay* at *akay* ay ang *sama* at iniuukol sa paglakad na may sadyang kasabáy at kagayák.

Sinasabing *abay* kung ang kasama'y sadyang itinalagá sa sinumáng tumatanggap ng anumáng karangalan o kaya'y sa sinumáng inihahatid pará sa isáng layunin.

Si Pedro at si Marya ang siyang *magsisiabay* sa ikakasal bukas; si Rodolfo ang *pinaabay* sa Alkalde nang itó'y magtungo sa Palasyo.

Kung ang isa sa magkasama sa lakad ay nakasapupo sa baywang o nakapatong ang kamáy sa may gawing balikat, *akbáy*.

Si Lupo't si Carlos ay *magkaakbáy* sa paglakad.
Kung hawak sa kamáy ang isáng kasama, *akay*.
Si Simón ay *akay* ng kanyang anak na bunso.

Abók
(gabók, alabók, alikabok)

Ang *abók* ay siyang itinatawag sa lahat ng bagay na duróg na nápakaliliit.

Gabók namán ang tawag sa alín mang bagay na nakakain na pinatutuyo't dinudurog o ginigiling na mabuti, katulad bagá ng kamote, bigás, balinghoy dawa atb. Kung bagá sa kastila ay arina.

Ang inilagáy sa maruya ay *gabók* ng balinghoy; noong panahon ng mga hapón ay *gabók* ng bigás ang ginawáng tinapay

Alabók ang tawag sa lupang nadudurog.
Ang tao'y sa *alabók* galing, sa *alabók* din uuwi.
Tinatawag namáng *alikabók* ang lahat ng uri ng abók na inililipád ng hangin buhat sa mga daán.

Pag ganitóng tag-araw ay talagáng di ka makakahingá sa *alikabók* sa lahat ng lansangan sa Maynila.

Panghuling Talata

Ang ikatlong bilang na itó ng *ILANG-ILANG* ay lalabás na patáon sa kaarawan ng mga patáy. Itó ang sanhi kung anó't ang aming mga dahon ay nahihiyasán ngayón ng mga lathalang patungkol sa araw na iyan, isáng araw na magbuhay pa noong panahón ng nuno ng ating kanununan, ay pinararangalan na't inaalaala. Sa katutubong ugali natin ay maibibilang ang ipinagkakapuring di-paglimot sa mga hinlog na sumakabilang-buhag.

Umaasa kami na ang lahat ng puók na kináhihimlayan ng mga nagsiyao ay magiging punuan ng mga taong magsisidalaw, di lamang upang tupdín ang kaugaliang yaón kundi sapagka't lahat ay nanánabik na silá'y mapagukulan ng mga sariwang alaala, palibhasa sa loob ng panahóng inilagi rito sa atin ng mga kaaway ay ipinagbawal ang pagtupad sa kaugaliang itó.

Itóng *ILANG-ILANG* ay nakikiisá ng buong puso sa damdaming namumugad ngayón sa dibdib ng mga inulila ng mga "nabulid sa gitna ng dilim," sa gitna ng larangan ng labanan, na, ibigin man nilá'y hindi maaaring makadalaw sa pook na naging káhuli-hulihang himlayan ng kanilang pinakaibig na buong giting at kabayanihang namatáy sa pagtupad ng kanilang bandal na tungkulin. Mananatili na lamang tayo sa paggunita at pag-uukol ng mga panalanging ukol sa kanilang kináhihimlayan. Kaya pará sa kanila, sa pagsapit ng araw na itó ng mga patáy, ay di lamang mga tunay na naulila ang gumugunita, kundi ang buong bayang humahanga sa kanilang katapangan at pag-ibig sa tinubuang-lupa.

Anó kung silá'y walang korona sa puntod ng libing? Anó kung wala mang kandilang umuusok? Higit sa korona ay naroon ang paghanga ng buong bayan. Higit sa kanila ay naroon ang taimtim na dalangin ng lahat. Ang mga korona'y nalalanta. Ang mga kandila'y nauubos at namamatáy. Nguni't ang paghanga at pagdalangin ay pumapailanlang hanggang sa mapayapang pook na kanilang pinagpapahingahan.
Magsihimbing nawa silang mapayapa!

+ **Alalahanin**
natin ngayon
ang mga di-kilalang nangasawi sa pakikilaban . . .

Ukol sa **PAMAMATNUBAY**
Sa Lalong Mabuting **PAGTATANGHAL**
ay Patnubayan kayo ng



Ang *Mabubuting Tagapagtanghal* ay Hindi Dapat Magkulang na Magpalabás ng mga pelikula ng

- LVN Pictures
- FILIPPINE Films
- EXCELSIOR Pictures
- JOAQUIN Films
- MAJESTIC Pictures
- X'OTIC Films
- UNITED Films
- FEDERAL Films
- CERVANTINA Films
- SESE Pictures

ABANGAN SA DISYEMBRE: "IBONG ADARNA" sa iba't ibang kulay (Bagong Salin)

KASAMA ANG LAHAT SA IISANG TANGGAPAN

2283 Azcarraga
Maynila

GERARDO B. MANUEL
Tagapamahalang Pangkalahatan

Ang **WASTONG PAMUMUHUNAN**

Ay Nangangahulugan ng **INYONG TAGUMPAY**

PANGANGASIWA SA MGA DULAAN

**ANG ATING MAGKASANIB NA PUHUNAN AY SIYANG PINAKAMABUTI.
ANG INYONG GUSALI AT ANG AMING KAGAMITAN O PANGANGASIWA...**

MAY MAHUSAY KAMING TANGGAPAN SA PAGPAPALAAN NG MGA PELIKULA

**KAGAWARAN SA PAGPAPADALA NA PINANGANGASIWAANG MABUTI
Mga Gawain sa Pintura at Paglilimbag * Karbon * Tiket MALAPIT NANG
DUMATING ang mga bagong kasangkapan at kagamitan sa Dulaan.**

**ANG INYONG NINANAIS AY SIYA RIN NAMING PINAGSISIKAPAN
KUMILOS NA NGAYON AT NANG KAILAN MA'Y HINDI MANGHINAYANG**

2283 Azcarraga
Maynila

GERARDO B. MANUEL
Tagapamahalang Pangkalahatan

3 Sisters FACE POWDER


" THE CHOICE OF MOVIE STARS "

*Ipinagugunita ko sa lahat
Ng Aking Tagahanga*

*Marahil ay hindi kaila sa lahat ang aking
dinasas na kahirapan noong panahon ng
hapones.*

*Lahat ng aking ari-arian ay natupok at
nangawala, nguni't sa kabila nito ay nailig-
tás ko rin ang isa kong balutan na kinasi-
sidlán ng "3 SISTERS FACE POWDER".*

Corazon Noble




*Gumamit ng pulbos
ng kagandahan
Upang kayo ay
hangaan.*

Hermoso Drug Store
646 Tabora Maynila
DR. C. A. SANTIAGO, May-ari


*Huwag kalilimutan
ang gamot na pang-
tahanan:*

**MENTONATIN
CASADEL**

**Maaari Kayong Magtamo ng Pinakamataas na Pakinabang Kung Kayo ay
Magtapos ng Pag-aaral sa—**



De Luxe Fashion School



(May Kapahintulutan ng Gobyerno)

KARUNUNGAN SA BUHOK AT PANANAHI

Walang bayad ang pag-aaral ng karunungan sa paggawa ng Bulaklak, pagpinta ng Dibuhong kayo at ng wikang kastila.

Magpatala sa panulukan ng Dasmariñas at David—Malapit sa People's Bank